



Ver en español | 阅读中国 | 한국어 읽기 | Przeczytaj po polsku |
Lido em português | Đọc trong Việt | Pananaw sa Tagalog

Nirebisa noong Oktubre 14, 2022

1.0 Mga Pangkalahatang Tuntunin

Welcome sa Cricket Wireless. Ikinalulugod naming maglingkod bilang iyong provider ng wireless na serbisyo. Sa pamamagitan ng pag-activate, paggamit, o pagbabayad para sa anumang produkto o serbisyo ng Cricket ("Mga) Serbisyo ng Cricket" o "(Mga) Serbisyo"), sumasang-ayon kang mapailalim sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Cricket Wireless na ito ("Kasunduan"). Kung hindi ka sumasang-ayon, makipag-ugnayan kaagad sa amin upang kanselahin ang iyong order at/o serbisyo at ibalik ang anumang produkto. Tingnan ang cricketwireless.com/contactus.

Pakibasa nang mabuti ang Kasunduang ito. Iniaatas nito sa iyo at sa Cricket na lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng pag-aareglo sa pagitan ng indibidwal sa halip na idaan ito sa mga paglilitis ng jury o class action. Nasasaklawan din nito kung paano namin pinangangasiwaan ang iyong impormasyon, kabilang ang impormasyong nauugnay sa Cricket Account mo at sa iyong lokasyon.

1.1 Ang Ating Kasunduan

Sa Kasunduang ito, maliban kung may ibang tinukoy, ang mga salitang "Cricket," "kami," "namin," at "atin" ay tumutukoy sa Cricket Wireless LLC at sa mga affiliate na kumpanya nito at kanilang mga successor at itinalaga.

Ang mga salitang "ikaw," "iyong," "user," "subscriber," o "customer" ay tumutukoy sa may-aring account o sinupamang taong bibili, mag-a-activate, o gagamit ng Mga Wireless na Serbisyo na ibinibigay namin. Ang "device" ay nangangahulugang compatible na wireless device na ibinibigay o ibinebenta namin o ng isang awtorisadong lokasyon ng retail sa iyo, o na ibinibigay mo, at ina-activate namin gamit ang isang Cricket SIM card sa iyong account. Ang "mga singil" ay tumutukoy sa anumang singil, buwis, surcharge, bayarin sa pag-access at paggamit, kabilang na ang mga bayarin sa pagbabalik ng gastos sa regulasyon, mga bayarin sa pamahalaan (direkta man itong natasa sa iyo o sa Cricket) at ibang bayarin na sinisingil namin sa iyo o natanggap o naproseso sa pamamagitan ng iyong Device gaya ng higit na ipinapaliwanag sa ibaba sa seksyong "Mga Singil".

Nag-aalok ang Cricket ng iba't ibang produkto at serbisyo. Ang Kasunduang ito ay kinabibilangan ng isang hanay ng mga pangkalahatang tuntunin ("Mga Pangkalahatang Tuntunin") at mga partikular na tuntunin ng Serbisyo ("Mga Tuntunin ng Serbisyo"). Napapailalim ka sa Mga Pangkalahatang Tuntunin at Mga Tuntunin ng Serbisyo para sa bawat Serbisyo ng Cricket na binibili o ginagamit mo. Dagdag pa rito, kasama sa iyong Kasunduan ang Patakaran sa Privacy ng Cricket (sa cricketwireless.com/privacy), Patakaran sa Tinatanggap na Paggamit (sa cricketwireless.com/auip), anumang resibo o buod ng serbisyo sa customer na ibinigay sa iyo, at anumang dokumento o tuntunin na partikular na babanggitin mula rito. Kung sakaling magkaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Mga Tuntuning ito

at anumang Karagdagang Materyal o Patakaran, ang Mga Tuntuning ito ang susundin para sa aming ugnayan sa iyo.

Kung sakali mang magkaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Kasunduang ito at anumang karagdagang materyal, tuntunin, o patakaran, sasaklawin ng Kasunduang ito ang aming ugnayan sa iyo.

1.2 Ang Iyong Cricket Account at Access sa Account

Maaaring kailangan mong mag-set up ng account (“Mga Cricket Account” o “Mga Account”) para makabili o makagamit ng Mga Serbisyo ng Cricket. Dapat mong tiyakin na tumpak at napapanahon ang anumang impormasyong ibibigay mo sa amin kaugnay ng iyong Cricket Account at Mga Serbisyo ng Cricket, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Responsibilidad mo ang anumang aktibidad na nangyayari sa o sa pamamagitan ng iyong Account. Hindi namin ginagarantiya ang seguridad ng iyong Account. Dapat mong tiyaking ligtas ang iyong impormasyon ng Account at (mga) password para sa pag-access o paggamit ng iyong account at personal na impormasyon. Kung may mapag-alaman kang anumang hindi awtorisadong paggamit ng anumang Cricket Account, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa amin.

Sumasang-ayon kang napapailalim ang lahat ng user ng iyong Mga Serbisyo ng Cricket (kabilang ang mga menor de edad) sa mga limitasyon at obligasyon ng Kasunduang ito, kabilang ang probisyon sa pag-aareglo at Patakaran sa Privacy. Tungkulin mong ipaalam sa kanila ang kanilang mga limitasyon at obligasyon at bigyan sila ng kopya ng Kasunduang ito.

Maaari kang magtalaga ng mga indibidwal (gaya ng mga miyembro ng pamilya) na kumilos sa ngalan mo (“Mga Awtorisadong User”). Mapapamahalaan ng Mga Awtorisadong User ang iyong account, kabilang na ang pagbabago o pagdaragdag ng Mga Serbisyo. Responsibilidad mo ang lahat ng pagkilos at pagbabagong gagawin ng sinumang Awtorisadong User, kabilang na ang mga pagbili ng mga produkto at karagdagang Serbisyo ng Cricket. Pinahihintulutan mo kaming magbigay ng impormasyon tungkol sa at gumawa ng mga pagbabago sa iyong account sa utos ng sinumang taong magbibigay ng impormasyon na sapat upang tukuyin ka, kahit na hindi itinalaga ang taong ito bilang Awtorisadong User.

Pinahihintulutan mo kami o ang aming mga awtorisadong ahente na gumamit ng regular na koreo, predictive o auto dialing na kagamitan, email, text messaging, facsimile, o iba pang makatwirang paraan upang makipag-ugnayan sa iyo hinggil sa aming Mga Serbisyo o iba pang usapin na sa tingin namin ay interesante para sa iyo. Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng anumang paraan hinggil sa mga notification na nauugnay sa serbisyo sa customer, o iba pang katulad na impormasyon.

1.3 Paglutas sa Hindi Pagkakasundo

Pakibasa ito nang mabuti. Nakakaapekto ito sa iyong mga karapatan.

1.3.1 Buod:

Binabalangkas sa bahagi ng Kasunduang ito kung paano malulutas ang mga hindi

pagkakasundo sa pagitan mo at ng Cricket sa pamamagitan ng aming hindi pormal na proseso ng paglutas sa hindi pagkakasundo, pang-indibidwal na pag-aareglo, o hukuman para sa maliliit na paghahabol. Binibigyan ka ng pagkakataon ng hindi pormal na proseso sa paglutas ng hindi pagkakasundo na maipaliwanag kung ano ang nangyari sa isang taong nasa, o nakikipagtulungan sa, aming departamento ng mga legal na usapin. Sa ilalim ng mga tuntunin ng Kasunduang ito, hinihikayat ang Cricket na lutasin nang maaga ang mga isyu, para hindi na ito lumalapa.

Ang "pag-aareglo" ay isang hindi gaanong pormal na alternatibo sa isang demanda o paglilitis ng jury sa hukuman. Isang walang pinapanigang third party, na tinatawag na arbitrator, ang magpapasya tungkol sa hindi pagkakasundo. Inilalapat ng arbitrator ang parehong batas at maaari siyang magbigay ng mga parehong pang-indibidwal na remedyo na maaaring ibigay ng hukuman ngunit gumagamit siya ng mga pinadaling pamamaraan at nililimitahan niya ang pagtuklas upang mapasimple ang proseso at mabawasan ang mga gastusin. May legal na bisa ang pasya ng arbitrator, at napapailalim ito sa napakalimitadong pagsusuri ng mga hukuman. **Sumasang-ayon kayo ng Cricket na gawin ang pang-indibidwal na pag-aareglo. Hindi pinahihintulutan ang mga class arbitration, class action, at representative action. Ibig sabihin nito, wala sa inyo ng Cricket ang magsasampa ng demanda (sa anumang hukuman bukod sa hukuman para sa maliliit na paghahabol), o magsasagawa o makikibahagi sa isang pagkilos na humihiling ng remedyo sa ngalan ng ibang tao.**

Nakasaad sa subsection 1.3.2 ang mga partikular na detalye, at narito naman ang mga hakbang na gagawin mo upang malutas ang isang hindi pagkakasundo:

Makipag-ugnayan sa serbisyo sa customer. Hinihikayat ka naming tumawag muna sa serbisyo sa customer. Karaniwang isang tawag sa telepono, session ng chat, o email ang pinakamabilis na paraan upang malutas ang isang isyu. Pumunta sa <http://www.cricke wireless.com/contactus> upang hanapin ang team para sa serbisyo o produkto na naaangkop para sa iyong isyu.

Ikaw ang pipili. Kung hindi ka nasiyahan pagkatapos makipag-usap sa serbisyo sa customer, maaari mong piling maghain ng iyong indibidwal na paghahabol sa hukuman para sa maliliit na paghahabol o magpadala sa amin ng Abiso Tungkol sa Hindi Pagkakasundo na kinakailangan bago magsimula ng pag-aareglo.

Ayusin natin ito. Kung magpapasya kang hindi pumunta sa hukuman para sa maliliit na paghahabol, simulan ang hindi pormal na proseso sa paglutas ng hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng pagpapadala ng Abiso Tungkol sa Hindi Pagkakasundo sa aming departamento ng legal na usapin, na maaari mong kumpletuhin at ipadala sa <http://www.cricke wireless.com/legal-info/notice-of-dispute.htm>. Sumasang-ayon kayo ng Cricket na magbigay sa isa't isa ng hindi bababa sa 60 araw upang magbahagi ng impormasyon at sumubok na magkaroon ng kasunduan. (Gagamitin namin ang parehong proseso kung mayroon kaming hindi sinasang-ayunan sa iyo.) Kapag hiniling mo o hiniling namin, mag-iiskedyul tayo ng Kumperensya para sa Hindi Pormal na Pag-aayos para subukang magkaroon ng kasunduan sa pamamagitan ng telepono o videoconference.

Makipag-aareglo. Kung hindi pa rin nalulutas ang hindi pagkakasundo, maaari kang magsagawa ng indibidwal na pag-aareglo. Ang pinakamalaking non-profit na provider para sa pag-aareglo na American Arbitration Association (AAA) ang mangangasiwa sa pag-aareglo at pipili ng walang pinapanigang arbitrator, nang mayroong opinyon mula sa iyo at sa Cricket. Ilang bagay na dapat tandaan:

- Karaniwang Cricket ang magbabayad ng lahat ng bayarin sa pag-aareglo (nang may ilang pagbubukod).
- Gagawin ang anumang pagdinig sa parehong county na nasa billing address mo, o kaya ay maaaring isagawa ang mga ito sa pamamagitan ng telepono o videoconference.
- Sa ilang sitwasyon, kung mananalo, magbabayad kami ng doble ng mga bayarin sa abogado (kung mayroon) at halagang hindi bababa sa \$10,000.

May mga espesyal na tuntunin para sa mga nakakoordinang (o pangmaramihang) pag-aareglo, kung saan hinihiling ng mga parehong abogado o grupo ng mga nagkokoordinang abogado na maghain ng 25 o higit pang katulad na pag-aareglo. Kung pipiliin mong maging bahagi ng mga paglilitis na iyon, magkakaroon ng mga yugto ang mga kaso, kung kaya baka mas matagal bago maareglo ang kaso mo kumpara sa ibang pamamaraan.

1.3.2 Kasunduan sa Pag-aareglo

1.3.2.1 Mga Paghahabol na Napapailalim sa Pag-aareglo:

Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, sumasang-ayon ka at ang Cricket na aregluhin ang lahat ng hindi pagkakasundo at paghahabol sa pagitan mo at ng Cricket, maliban para sa mga paghahabol dahil sa pinsala sa katawan o pagkasawi. Ginawa ang probisyon sa pag-aareglong ito nang may maraming kahulugan. Kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa:

- mga paghahabol na nagmumula sa o nauugnay sa anumang aspeto ng ugnayan sa pagitan natin, batay man sa kontrata, tort, panloloko, maling representasyon, o anupamang legal na teorya sa statutory law o common law;
- mga paghahabol na ginawa bago ang Kasunduang ito o anumang paunang Kasunduan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga paghahabol na nauugnay sa advertising);
- mga paghahabol dahil sa hindi magandang epekto sa isip o emosyon o pinsalang hindi nagmumula sa pinsala sa katawan;
- mga paghahabol na kasalukuyang paksa ng sinasabing class action na paglilitis kung saan hindi ka miyembro ng isang certified na grupo; at
- mga paghahabol na maaaring mangyari pagkatapos wakasan ang Kasunduang ito.

Kabilang sa mga tinutukoy sa Seksyon 1.3 sa "Cricket" o "kami" ang aming mga parent, subsidiary, affiliate, at nauugnay na entidad sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, gayundin ang mga opisyal, ahente, empleyado, licenser, predecessor in interest, successor, at itinalaga ng Cricket at ng lahat ng entidad na iyon. Kabilang sa mga tinutukoy sa Seksyon 1.3 sa "ikaw" ang iyong mga parent, subsidiary, affiliate, nauugnay na entidad, ahente, empleyado, predecessor in interest, successor, at itinalaga sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap; at lahat ng awtorisado o hindi awtorisadong user o benepisyaryo ng Mga Serbisyo o produkto ng Cricket na nasasaklawan ng Mga Kasunduan sa pagitan mo at ng Cricket sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap.

Opsyon sa Maliliit na Paghahabol. Sa kabila ng probisyong ito sa pag-aareglo, magagawa mo o ng Cricket na maghain ng pagkilos para humiling ng pang-indibidwal na remedyo sa hukuman para sa maliliit na paghahabol sa county (o parokya) ng iyong billing address, hangga't hindi inaalalis o inaapela ang pagkilos sa isang hukuman na may pangkalahatang hurisdiksyon.

Ang probisyon sa pag-aareglo na ito ay hindi humahadlang sa iyo na maglapit ng mga isyu sa mga pederal, pang-estado, o lokal na ahensya, kasama na ang, halimbawa, Federal Communications Commission. May kakayahan ang mga ahensyang iyon, kung pinapayagan ng

batas, na humingi ng remedyo sa amin sa ngalan mo. **Sa pamamagitan ng pagpasok sa Kasunduang ito, isinusuko ninyo ng Cricket ang karapatang magkaroon ng paglilitis ng jury o lumahok sa isang class action.** Ang Kasunduang ito ay nagpapatunay ng isang transaksyon sa komersyong pang-interstate, at samakatuwid ay nasasaklawan ng Federal Arbitration Act ang pagbibigay-kahulugan at pagpapatupad ng probisyon sa pag-aareglo na ito. Mananatiling may bisa ang probisyon sa pag-aareglo na ito kapag nagwakas na ang Kasunduang ito.

1.3.2.2 Hindi Pormal na Proseso ng Paglutas sa Hindi Pagkakasundo Bago ang Pag-aareglo:

Makakatulong ang serbisyo sa customer at karaniwan nitong nalulutas ang anumang alalahanin na maaaring mayroon ka. Kung hindi iyon gagana, ang unang hakbang sa proseso ng paglutas sa hindi pagkakasundo ay magpadala ng nakasulat na Abiso Tungkol sa Hindi Pagkakasundo ("Abiso"). (Magpapadala rin kami sa iyo ng Abiso sa billing address mo kung mayroon kaming hindi sinasang-ayunan sa iyo.) Maaari mong i-download ang form ng Abiso sa <https://www.cricnetwireless.com/entassets/CricketWirelessArbitrationForm.pdf>. Maaaring ipadala ang Abiso sa Cricket sa pamamagitan ng serbisyo ng koreo o propesyonal na courier ng U.S. sa Legal Department - Notice of Dispute, Cricket, 208 S. Akard, Office #2900.13, Dallas, Texas 75202 (ang "Address para sa Abiso"), o kaya ay maaaring itong isumite sa electronic na paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa <https://www.cricnetwireless.com/legal-info/notice-of-dispute.html>. Kasama dapat sa Abiso ang lahat ng hinihiling na impormasyon sa form ng Abiso, kabilang ang: (a) pangalan, address, at numero ng telepono ng naghahabol; (b) numero ng Account na pinag-uusapan; (c) mga serbisyo (kung mayroon man) kung saan nauukol ang paghahabol; (d) paglalarawan ng katangian at batayan ng paghahabol o hindi pagkakasundo; at (e) paliwanag tungkol sa partikular na remedyong hinihingi at ang batayan para sa mga kalkulasyon. Dapat ay personal mong nilagdaan ang Abiso (kung ikaw ang naghahabol) o personal itong nilagdaan ng isang kinatawan ng Cricket (kung kami ang naghahabol). Upang mapangalaan ang iyong Account, posibleng kailangan mo munang ibigay ang iyong pagpapatunay at pahintulot bago naming matalakay ang iyong Account o maibahagi ang impormasyon ng Account mo sa kahit sino bukod sa iyo, kabilang ang isang abogado ("Pagpapatunay at Pahintulot").

Sinuman ang nagpadala ng Abiso, dapat siyang magbigay sa kabilang partido ng 60 araw mula nang matanggap ang nakumpletong Abiso (kabilang ang iyong Pagpapatunay at Pahintulot, kung kinakailangan) upang maimbestigahan ang paghahabol. Sa loob ng panahong iyon, maaaring humiling ang sinuman sa inyo ng Cricket ng pang-indibidwal na talakayan (sa pamamagitan ng tawag sa telepono o videoconference) hinggil sa pag-aayos ("Hindi Pormal na Kumperensya para sa Pag-aayos"). Dapat kayong magtulungan ng Cricket nang may magandang loob upang makapili ng napagkasunduang oras para sa Hindi Pormal na Kumperensya para sa Pag-aayos (na maaaring gawin pagkatapos ng 60 araw na panahon). Dapat ay personal kayong lumahok dito ng Cricket, maliban na lang kung may ibang napagkasunduan sa kasulatan. Maaari ding lumahok ang mga abogado mo at ng Cricket (kung mayroon man).

Ititigil ang panahon para sa anumang naaangkop na statute of limitation o limitasyong nakasaad sa kontrata para sa mga paghahabol at hinihiling na remedyo sa Abiso sa "Panahon ng Hindi Pormal na Paglutas." Ang Panahon ng Hindi Pormal na Paglutas ay ang bilang ng mga araw sa pagitan ng petsa kung kailan natanggap ng kabilang panig ang nakumpletong Abiso (at Pagpapatunay at Pahintulot, kung kinakailangan), at ang mas huli sa (1) makalipas ang 60 araw o (2) ang petsa kung kailan nakumpleto ang Hindi Pormal na Kumperensya para sa Pag-aayos, kung napapanahong hiniling.

Hindi maaaring simulan ang anumang pag-aareglo hangga't hindi natatapos ang Panahon ng Hindi Pormal na Paglutas. (May nakapaloob sa Subsection 1.3.2.7 na mga karagdagang kinakailangan para sa pagsisimula ng ilang partikular na nakakoordinang pag-aareglo.) Mahalaga ang lahat ng kinakailangan sa paglutas ng hindi pagkakasundo bago ang pag-aareglo upang magkaroon kayo ng Cricket ng makabuluhang pagkakataong malutas ang mga hindi pagkakasundo sa hindi pormal na paraan. Kung may anumang aspeto ng mga kinakailangang ito na hindi natugunan, maaaring ipagbawal ng hukuman ang paghahain o pagsasagawa ng pag-aareglo. Bukod pa rito, maliban na lang kung ipinagbabawal ng batas, hindi maaaring tumanggap, mangasiwa, o humingi ng mga bayad ang AAA kaugnay ng naturang pag-aareglo. Kung nakabinbin na ang pag-aareglo, dapat itong i-dismiss.

1.3.2.3 Proseso ng Pag-aareglo:

Maaari kang mag-download ng form upang magsimula ng pag-aareglo sa <https://www.cricnetwireless.com/legal-info/arbitration.html>. Dagdag pa rito, makikita ang impormasyon tungkol sa kung paano magsimula ng proseso ng pag-aareglo, kabilang kung paano maghain ng pag-aareglo ng consumer, sa adr.org/support. Dapat magpadala ng kopya ng kahilingan para sa pag-aareglo sa AAA at Address para sa Abiso, at dapat maglakip ng isang kopya ng Abiso sa iyong kahilingan para sa pag-aareglo.

Gagawin ang pag-aareglo nang alinsunod sa kasalukuyang Mga Panuntunan sa Pag-aareglo ng Consumer ("Mga Panuntunan ng AAA") ng AAA sa panahong iyon, ayon sa binago sa probisyon sa pag-aareglo na ito, at pangangasiwaan ito ng AAA. (Kung hindi sumasang-ayon ang AAA na ipatupad ang anumang bahagi ng probisyon sa pag-aareglo na ito, pipili kayo ng Cricket ng ibang provider ng serbisyo ng pag-aareglo. Kung walang kasunduan, ang hukuman ang gagawin niyon.) Makikita ang Mga Panuntunan ng AAA online sa adr.org o maaaring humiling nito sa pamamagitan ng pagsulat sa Address para sa Abiso. (Maaari kang makakuha ng impormasyong ginawa para sa mga hindi abogado tungkol sa proseso ng pag-aareglo sa <https://www.cricnetwireless.com/legal-info/arbitration.html>.)

Gaya sa hukuman, sumasang-ayon kayo ng Cricket na pinatutunayan ng sinumang counsel na kumakatawan sa isang tao sa pag-aareglo na sumusunod siya sa mga kinakailangan ng Pederal na Panuntunan sa Pamamaraang Sibil 11(b), kabilang ang pagpapatunay na may kabuluhan at hindi inihain para sa maling layunin ang paghahabol o ang hinihiling na remedyo. May awtorisasyon ang arbitrator na magpataw ng anumang parusang magagamit sa ilalim ng Mga Panuntunan ng AAA, Pederal na Panuntunan sa Pamamaraang Sibil 11, o naaangkop na pederal o pang-estadong batas laban sa lahat ng naaangkop na kinakatawang partido at counsel.

Ang lahat ng isyu ay pagpapasyahan ng arbitrator, maliban sa sumusunod na tanging hukuman lang ang maaaring magpasya:

- mga isyung nauugnay sa saklaw at kakayahang maipatupad ng probisyon sa pag-aareglo,
- kung maaari o dapat aregluhin ang isang hindi pagkakasundo,
- kung hindi maaari o hindi pangangasiwaan ng AAA ang pag-aareglo alinsunod sa probisyon sa pag-aareglo na ito,
 - kung nasunod o nalabag ang subsection 1.3.2.2 para sa mga layunin ng pagbibigay ng remedyo sa ilalim ng subsection na iyon na maaaring ibigay ng hukuman, at
- kung nasunod o nalabag ang subsection 1.3.2.6, 1.3.2.7, o 1.3.2.8.

Maaaring isaalang-alang ng arbitrator ang mga desisyon sa ibang mga pag-aareglo na kinasasangkutan ng magkakaibang customer, ngunit hindi mapapailalim sa desisyon ng arbitrator ang mga paglilitis na kinasasangkutan ng magkakaibang customer.

Maliban na lang kung iba ang mapagkakasunduan ninyo ng Cricket, gagawin ang anumang pagdinig sa pag-aareglo sa county (o parokya) ng iyong billing address. Kung nagkakahalaga ang iyong paghahabol ng \$10,000 o wala pa, maaari mong pagpasyahang isagawa ang pag-aareglo nang batay lang sa mga dokumentong isinumite sa arbitrator o sa pagdinig sa pamamagitan ng telepono, videoconference, o nang personal sa ilalim ng Mga Panuntunan ng AAA. Kung lampas ang iyong paghahabol sa \$10,000, pagpapasyahan ang karapatan sa isang pagdinig nang ayon sa Mga Panuntunan ng AAA. Sa panahon ng pag-aareglo, hindi dapat ihayag sa arbitrator ang halaga ng anumang alok para sa pag-aayos hangga't hindi pa napapagpasyahan ng arbitrator ang kabayaran, kung mayroon man, na dapat mong matanggap o ng Cricket. Anuman ang paraan ng pagsasagawa sa pag-aareglo, dapat magbigay ang arbitrator ng nakasulat na paliwanag ng desisyon na sapat upang maipaliwanag ang mahahalagang natuklasan at kongklusyon na pinagbatayan ng kanyang desisyon. Maliban sa nasa subsection 1.3.2.6 sa ibaba, maaaring ibigay ng arbitrator ang mga parehong danyos at remedyo na maaaring ibigay ng hukuman sa ilalim ng naaangkop na batas.

1.3.2.4 Mga Bayarin sa Pag-aareglo:

Babayaran namin ang lahat ng bayarin sa paghahain sa AAA, pangangasiwa, pamamahala ng kaso, pagdinig, at arbitrator kung kami ang nagsimula ng pag-aareglo. Kung ikaw ang nagsimula ng pag-aareglo ng mga paghahabol na nagkakahalaga ng \$75,000 o mas mababa, kami ang magbabayad ng mga bayaring iyon, kung sinunod mo ang lahat ng kinakailangan sa subsection 1.3.2.2. Sa mga naturang sitwasyon, babayaran namin ang bayarin sa paghahain nang direkta sa AAA pagkatanggap ng nakasulat na kahilingan mula sa iyo sa Address para sa Abiso o, kung pababayaran sa iyo ng AAA ang bayarin sa paghahain upang masimulan ang pag-aareglo, ipapadala namin ang halagang iyon sa AAA at hihilingin naming mag-reimburse sa iyo ang AAA. Gayunpaman, kung matutuklasan ng arbitrator na walang batayan ang dahilan ng iyong paghahabol o ang kabayaranang hinihingi, o kung para sa hindi naaangkop na layunin ang mga ito (gaya ng isinasaad ng mga pamantayang itinakda sa Federal Rule of Civil Procedure 11(b)), gagawin ang alokasyon at pagbabayad ng lahat ng nasabing bayarin nang alinsunod sa Mga Panuntunan ng AAA.

1.3.2.5 Alternatibong Pagbabayad at Premium ng Abogado:

Kung sinunod mo ang lahat ng kinakailangan sa itaas sa subsection 1.3.2.2 at nag-isyu ang arbitrator ng desisyong pabor sa iyo na mas malaki sa halagang nakasaad sa huli naming nakasulat na alok sa pag-aayos na ginawa bago ang pagpili ng arbitrator, gagawin namin ang sumusunod:

- magbabayad kami sa iyo ng halaga ng ipinataw na kabayaran o \$10,000 (ang "Alternatibong Pagbabayad"), alinman ang mas malaki; at
- magbabayad sa abogadong papanatilihin mo, kung mayroon man, nang doble ng halaga ng mga bayarin sa abogado at ire-reimburse namin ang anumang gastusin (kabilang ang mga bayarin at gastusin sa ekspertong saksi) na makatuwirang nagastos ng iyong abogado para sa pag-iimbestiga, paghahanda, at pagsasampang iyong paghahabol sa pag-aareglo (ang "Premium ng Abogado").

Kung hindi kami nagbigay ng nakasulat na alok upang ayusin ang hindi pagkakasundo bago ang pagpili ng arbitrator, at nagpasya ang arbitrator na ibigay sa iyo ang anumang kabayaran sa mga

merit, magkakaroon kayo ng iyong abogado ng karapatang matanggap ang kaukulang Alternatibong Pagbabayad at Premium ng Abogado.

Maaaring lutasin ng arbitrator ang mga hindi pagkakasundo hinggil sa pagbabayad at reimbursement ng mga bayarin sa abogado, gastusin, Alternatibong Pagbabayad, at Premium ng Abogado kapag hiniling ito ng alinmang partido sa loob ng 14 na araw mula sa desisyon ng arbitrator sa mga merit. Sa pagtatasa kung mas malaki ang ipinataw na kabayaran na kinabibilangan ng mga bayarin sa mga abogado at gastusin kaysa sa halaga ng aming huling nakasulat na alok sa pag-aayos, isasama lang sa kalkulasyon ang mga makatuwirang bayarin sa mga abogado at gastusin na natamo mo sa pagsasampa ng pag-aareglong ito hanggang sa petsa ng aming alok sa pag-aayos.

Ang karapatan sa Premium ng Abogado ay karagdagan sa anumang karapatan sa mga bayarin sa mga abogado at gastusin na maaaring mayroon ka sa ilalim ng naaangkop na batas. Kaya kung karapat-dapat kang makatanggap ng mas malaking halaga sa ilalim ng naaangkop na batas, hindi mapipigilan ng probisyon sa pag-aareglo na ito ang arbitrator na igawad sa iyo ang halagang iyon. Gayunpaman, maaaring hindi mo makuha ang parehong Premium ng Abogado at dobleng kabayaran para sa mga bayarin sa abogado at gastusin.

1.3.2.6 Kinakailangan ng Indibidwal na Pag-aareglo:

Maaari lang maggawad ang arbitrator ng kabayaran (kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pinsala, restitution, declaratory relief, at injunctive relief) na pabor sa indibidwal na partidong humihingi ng danyos at hanggang sa sukdulang kinakailangan lang upang maibigay ang danyos na napatunayan sa indibidwal na paghahabol ng partidong iyon. **SUMASANG-AYON KAYO NG CRICKET NA MAAARI LANG KAYONG MAGSAMPANG PAGHAHABOL LABAN SA ISA'T ISA SA SARILI NINYONG INDIBIDWAL NA KAPASIDAD, AT HINDI BILANG ISANG NAGDEDEMANDA O MIYEMBRO NG GRUPO SA ANUMANG SINASABING CLASS, REPRESENTATIVE, O PRIVATE ATTORNEY GENERAL NA PAGLILITIS.** Dagdag dito, maliban na lang kung may iba kayong mapagkakasunduan ng Cricket, hindi maaaring pagsamahin ng arbitrator ang mga paghahabol ng mahigit sa isang tao o entidad at hindi siya maaaring mangasiwa sa anumang anyo ng representative, class, private attorney general, o public injunction na paglilitis.

Kung idedeklara ng hukuman (pagkatapos magamit ang lahat ng apela) na hindi maipapatupad ang alinman sa mga pagbabawal na ito sa pagsasama o hindi pang-indibidwal na remedyo (gaya ng class, representative, private attorney general, o public injunctive relief), dapat munang aregluhin ang lahat ng iba pang aspeto ng kaso. Pagkatapos makumpleto ang pag-aareglo, pagpapasyahan ng hukuman ang mga natitirang (hindi maareglo) aspeto ng kaso.

1.3.2.7 Pangangasiwa ng Mga Nakakoordinang Pag-aareglo:

Kung 25 o higit pang naghahabol ang magsusumite ng Mga Abiso o hihiling na maghain ng pag-aareglo na naghaharap ng mga magkatulad na paghahabol at kinakatawan ng pareho o nakakoordinang counsel (sabay-sabay mang isinampa ang mga naturang kaso o hindi), dapat lutasin ang lahat ng kaso sa mga sunod-sunod na yugto ng paglilitis. **Sumasang-ayon ka sa prosesong ito kahit na maaari nitong maantala ang pag-aareglo ng iyong paghahabol.** Sa unang yugto, pipili ang counsel ng mga naghahabol at ang Cricket ng 25 kaso (50 kaso sa kabuuan) na ihahain para sa pag-aareglo at indibidwal na lulutasin ng magkakaibang arbitrator. Kung posible, manggagaling ang mga arbitrator mula sa mga estado ng tahanan ng mga kaukulang naghahabol. Kung wala pang 50 ang mga kaso, ihahain ang lahat para sa pag-aareglo. Samantala, walang ibang kaso ang maaaring ihain o ipagpatuloy sa pag-aareglo, at

hindi dapat magtasa o manghingi ng bayad para sa mga bayarin ang AAA para sa mga naiwang kaso o hindi dapat nitong pangasiwaan o tanggapin ang mga ito.

Hinihikayat ang mga arbitrator na lutasin ang mga kaso sa loob ng 120 araw mula sa pagtatalaga o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito, nang nagiging patas sa mga partido. Kapag nakumpleto na ang unang yugto, dapat makibahagi ang mga partido sa isang pag-aayos ng mga naiwang kaso, at babayaran ng Cricket ang bayarin sa pag-aayos. Kung hindi magkasundo ang mga partido kung paano lulutasin ang mga naiwang kaso pagkatapos ng pag-aayos, uulitin nila ang proseso ng pagpili at paghahain ng 50 kaso na indibidwal na lulutasin ng magkakaibang arbitrator, na susundan ng pag-aayos.

Kung may anumang paghahabol na maiiwan pa rin pagkatapos ng pangalawang yugto, uulitin ang proseso hanggang sa malutas ang lahat ng paghahabol, nang may apat na pagkakaiba. Una, maaaring maghain sa pangatlo at huling yugto ng kabuuang 100 kaso. Pangalawa, sapalarang pipiliin ang mga kaso. Pangatlo, maaaring italaga sa mga huling yugto ang mga arbitrator na nagpasya sa mga kaso sa unang dalawang yugto kung walang available na ibang arbitrator. Pang-apat, opsyonal ang pag-aayos sa pagpili ng counsel para sa mga naghahabol.

Sa pagitan ng mga yugto, magpupulong at magpapalitan ng kuro-kuro ang counsel hinggil sa mga paraan upang mapahusay ang pagka-efficient ng mga may yugtong paglilitis, kabilang kung tataasan ang bilang ng mga kasong ihinahain sa bawat yugto. Maaari ding makipagnegosasyon ang alinmang partido sa AAA hinggil sa halaga o panahon ng mga bayarin sa AAA.

Kung nalalapat ang subsection na ito sa isang Abiso, pahahabain ang Panahon ng Hindi Pormal na Paglutas para sa mga paghahabol at remedyong itinakda sa Abisong iyon (kabilang ang pagtigil ng panahon para sa anumang naaangkop na statute of limitation o limitasyong nakasaad sa kontrata para sa mga paghahabol at hinihiling na remedyo) hanggang sa ang Abisong iyon ay mapili para sa may yugtong paglilitis, mabawi, o kung hindi naman ay malutas. Magkakaroon ng awtoridad ang hukuman na ipatupad ang subsection na ito, kabilang ang sa pamamagitan ng pag-aatas ng maramihang paghahain, pag-uusig o pangangasiwa ng mga pag-aareglo, o pagtatasa o pangongolekta ng mga bayarin sa AAA.

Ang subsection na ito at ang bawat isa sa mga kinakailangan nito ay nilalayong magkaroon ng kakayahang maihiwalay sa iba pang bahagi ng probisyon sa pag-aareglo na ito. Kung, matapos magamit ang lahat ng apela, ay magpasya ang hukuman na hindi maipapatupad ang proseso ng pagsasagawa sa subsection na ito, maaaring ihain ang mga kaso sa pag-aareglo at tatasahin ang pagbabayad ng mga bayarin sa paghahain sa AAA, pangangasiwa, pamamahala ng kaso, pagdinig, at arbitrator habang umuusad ang mga pag-aareglo at nagtatalaga ng mga arbitrator sa halip na kapag sinimulan ang mga pag-aareglo.

1.3.2.8 Mga Pagbabago sa Probisyon sa Pag-aareglo sa Hinaharap:

Sa kabila ng anumang sumasalungat na probisyon sa Kasunduang ito, kung gagawa ang Cricket ng anumang pagbabago sa probisyon sa pag-aareglo na ito sa hinaharap (bukod sa pagbabago sa Address para sa Abiso), maaari mong tutulan ang anumang naturang pagbabago sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng nakasulat na abiso sa pamamagitan ng Koreo ng U.S. sa loob ng 30 araw pagkatapos ng unang abiso sa pagbabago sa Legal Department – Revised Arbitration Opt-Out, Cricket, 208 S. Akard, Office #2900.13, Dallas, Texas 75202. Isama ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, numero ng account, at personal mong nilagdaan na pahayag na gusto mong tutulan ang pagbabago sa probisyon sa pag-aareglo. Sa pamamagitan ng pagtutol sa anumang pagbabago sa hinaharap, sumasang-ayon ka na

aaregluhin mo ang anumang hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng Cricket nang alinsunod sa ipinahayag sa bersyong ito ng probisyon sa pag-aareglo.

1.3.2.9 Mga Customer sa Puerto Rico:

Para sa mga customer sa Puerto Rico, ang lahat ng pagtukoy sa "hukuman para sa maliliit na paghahabol" sa probisyon sa pag-aareglo na ito ay dapat ituring na tumutukoy sa Puerto Rico Telecommunications Regulatory Board.

1.3.3 Pagpili ng Forum:

Maliban na lang kung may iba kayong napagkasunduan ng Cricket, sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, magkakaroon ang mga pang-estado at pederal na hukuman sa Dallas, Texas ng hurisdiksyon sa anumang hindi pagkakasundo (maliban para sa mga hindi pagkakasundo na ihinarap sa hukuman para sa malilit na paghahabol) na hindi napapailalim sa pag-aareglo o sa anumang pagkilos na may kaugnayan sa kakayahang mailapat o maipatupad ng probisyon sa pag-aareglo o sa alinmang bahagi nito. Sumasang-ayon kayo ng Cricket sa hurisdiksyon ng mga hukuman ayon at isinasantabi ninyo ang anumang pagtutol ukol sa personal na hurisdiksyon o ukol sa pagtatakda ng lugar sa mga naturang hukuman dahil sa hindi naaangkop na forum o anupamang batayan o anumang karapatang humiling ng paglipat o pagbabago ng lugar ng anumang naturang pagkilos papunta sa ibang hukuman.

1.4 Paano Kami Maaaring Makipag-ugnayan sa Iyo

Sumasang-ayon ka na maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang Cricket at mga affiliate, assignee, successor, empleyado, at ahente nito, at iba pang kumikilos o sinasabing kumikilos sa ngalan namin sa kasalukuyan o hinaharap, hinggil sa iyong Mga Account, iyong Mga Serbisyo ng Cricket, at sa mga karagdang produkto at serbisyo na maaari naming ialok o maaaring ialok ng mga third party, gamit ang anumang pamamaraan (kabilang ang sa pamamagitan ng telepono, koreo, email, text message (gaya ng SMS/MMS), chat (gaya ng RCS), mga push notification, o iba pang paraan), gayundin sa pamamagitan ng pagsasama ng mga mensahe online o sa loob ng mga paalala sa pagbabayad para sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket.

Sumasang-ayon ka na itinuturing na natanggap mo ang mga abisong ibinigay sa iyo gamit ang alinman sa mga pamamaraang ito. Sumasang-ayon ka na magbigay ng tumpak na napapanahong impormasyon sa pakikipag-ugnayan tungkol sa iyong sarili, na mayroon kang awtorisasyong magpahintulot sa mga pakikipag-ugnayan sa anumang numero ng telepono o email address na ibinigay mo, at na kaagad mo kaming aabisuhan kung nagbago ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Sumasang-ayon ka rin na magagawa sa anumang oras ng Cricket at ng mga affiliate, assignee, successor, empleyado, at ahente nito, at ng iba pang kumikilos o sinasabing kumikilos sa ngalan namin na magpadala sa iyo ng email o iba pang electronic na mensahe sa anumang numero ng telepono o email address na nauugnay sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket sa pamamagitan ng anumang paraan, kabilang ang naka-automate na system na nagpapadala ng mga preset na mensahe.

Dagdag pa rito, sumasang-ayon ka na ang anumang tawag o mensahe na ipinapadala sa mga numero o email address na ibinigay mo sa Cricket o sa mga affiliate, assignee, successor, empleyado, at ahente nito, at iba pang kumikilos o sinasabing kumikilos sa ngalan namin, o sa mga numero o email address na nauugnay sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket, ay maaaring ipadala gamit ang isang awtomatikong system sa pag-dial ng telepono, mga artipisyal o prerecorded na boses, o iba pang kagamitan sa awtomatikong pag-dial gaya ng predictive dialer, at hindi mo mababawi ang pahintulot mo na makipag-ugnayan sa iyo sa ganitong paraan.

Pakisuri ang iyong online na Account, at/o iba pang paraan na maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo, para sa mga mensahe. Magpapadala kami ng mahahalagang mensahe sa iyo sa pamamagitan ng mga pamamaraan at mensaheng ito. Itinuturing na natanggap mo na ang mga abisong ito kapag available nang makita ang mga ito sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito.

Ang mga pakikipag-ugnayan sa iyo ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga alerto sa emergency, update sa Kasunduang ito, pakikipag-ugnayan hinggil sa mga pagbabayad, at impormasyon tungkol sa mga promosyon hinggil sa anumang Serbisyo ng Cricket o produkto o serbisyong iniaalok ng aming mga third-party na partner. Hindi mo kinakailangang sumang-ayon na makatanggap ng mga pampromosyong pakikipag-ugnayan upang makabili ng anumang Serbisyo ng Cricket. **Maaari kang mag-unsubscribe mula sa mga pampromosyong email, tawag, o mensahe sa pamamagitan ng pagsunod sa mga opsyon sa pag-unsubscribe** sa mismong pampromosyong pakikipag-ugnayan o sa Patakaran sa Privacy ng Cricket. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at pagpili hinggil sa kung paano kami makikipag-ugnayan sa iyo, bumisita sa cricketwireless.com/privacy.

1.5 Pagwawakas o Pagsususpende ng Mga Serbisyo ng Cricket

Maaari mong kanselahin o wakasan ang alinman sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket sa anumang oras. Kung magkakansela ka ng Serbisyo ng Cricket:

- maaaring mawala sa iyo ang anumang diskwentong nakuha mo mula sa sama-samang pag-bundle ng Mga Serbisyo ng Cricket;
- responsibilidad mong bayaran ang lahat ng Singil hanggang sa makansela ang iyong account;
- hindi ka makakatanggap ng refund o credit para sa hindi nagamit na bahagi ng iyong Mga Serbisyo o balanse sa Account kung magpapasya kang kanselahin ang Serbisyo bago matapos ang iyong buwanang panahon ng serbisyo.

Nakalaan sa Cricket ang karapatang baguhin, suspendihin, o itigil ang anumang function o feature ng anumang Serbisyo ng Cricket, kabilang ang iyong mga rate o singil, o ganap na wakasan ang iyong Serbisyo ng Cricket, para sa anumang dahilan, kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- pagsunod sa isang utos ng estado o pederal na ahensya, hukuman, o arbitrator;
- anumang pagkaantala o pagkawala ng mga karapatan mo o ng Cricket para ma-access ang anumang bahagi ng mga pasilidad ng network na kinakailangan para maibigay sa iyo ang Mga Serbisyo, kabilang ang mga karapatan para ma-access ang lupa o mga gusali kung saan matatagpuan ang mga pasilidad; o anumang Maling Asal mo o ng sinumang user ng iyong mga produkto o Mga Serbisyo ng Cricket. Kabilang sa "maling asal" ang, pero hindi limitado sa:
 - anumang asal na sa palagay namin ay lumalabag sa Kasunduang ito o sa Patakaran sa Tinatanggap na Paggamit ng Cricket;
 - anumang asal na may kaugnay na paggamit ng mapang-abuso, mapagbanta, o hindi makatuwirang pag-uugali sa sinuman sa aming mga empleyado o kinatawan, sa personal man, telepono, o sa sulat;
 - anumang mapang-abuso, mapanloko, o labag sa batas na paggamit ng anumang Serbisyo ng Cricket;

- o pagbibigay sa amin ng mali o mapanlinlang na impormasyon tungkol sa iyo, sa mga user ng iyong Mga Serbisyo ng Cricket, o sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo ng Cricket;
- o anumang paggamit ng Mga Serbisyo ng Cricket sa isang paraang negatibong nakakaapekto, o malamang na negatibong makaapekto, sa mga network, customer, o operasyon namin o ng iba pang entidad, o na lumalabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari ng sinuman, lumalabag sa privacy ng iba, bumubuo ng spam o mapang-abusong pagmemensahe o pagtawag, o nagreresulta sa paglalathala ng mga nagbabanta, nakakapanakit, o ilegal na materyal;
- o anumang pag-resell ng Mga Serbisyo ng Cricket (kabilang ang pagbebenta ng paggamit ng o pag-access sa Mga Serbisyo ng Cricket); o
- o anumang pagpalyang magawa ang lahat ng kinakailangang pagbabayad sa takdang panahon ng pagbabayad ng mga ito.

Anuman ang dahilan o ikaw man o kami ang nagwakas ng iyong Mga Serbisyo ng Cricket:

- maliban na lang kung iniaatas ng naaangkop na batas, walang proration ng mga singil kahit na winakasan ang iyong Mga Serbisyo ng Cricket bago ang katapusan ng buwanang termino;
- hindi mare-refund o make-credit ang anumang balanse sa Account o hindi nagamit na bahagi para sa winakasang Serbisyo ng Cricket;
- wawakasan ang iyong mga lisensya para magamit ang anumang kaugnay na software; at
- nakalaan sa amin ang karapatang i-delete ang anumang data, file, o iba pang impormasyong nauugnay sa iyo o iyong Account sa Cricket o mga winakasang Serbisyo ng Cricket.

1.6 Pagtatatwa ng Mga Warranty

Ginagamit mo ang Mga Serbisyo ng Cricket sa sarili mong pagpapasya. Maliban na lang kung hayagang isinaad sa Kasunduang ito, ibinibigay ang Mga Serbisyo ng Cricket nang “as is” at “as available”, nang walang anumang uri ng warranty o garantiya. Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, hayagang itinatatwa ng Cricket (kabilang ang aming mga parent, subsidiary, at affiliate, kaugnay na entidad, gayundin ang mga opisyal, ahente, empleyado, licenser, predecessor in interest, successor, at itinalaga ng Cricket at ng lahat ng entidad na iyon sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap) ang lahat ng uri ng warranty, na sinabi man, ipinahayag, ipinahiwatig, o nasasaklawan ng batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa mga ipinapahiwatig na warranty ng pamagat, kakayahang maikalakal, kaangkupan para sa isang partikular na layunin, hindi paglabag, at anumang warranty na ipinapahiwatig sa pamamagitan ng proseso ng pagganap, proseso ng pakikipagtransaksyon, o paggamit o pakikipagkalakalan. Walang awtorisadong magbigay ng mga warranty sa ngalan namin. Hindi namin ginagarantiya na matutugunan ng Mga Serbisyo ng Cricket ang iyong mga kinakailangan, sa isang partikular na kalidad man o bilis, o na ito ay walang pagkaantala, tumpak, ligtas, napapanatili, at walang virus o iba pang mapaminsalang component. Walang garantiya sa seguridad o proteksyon mula sa hindi awtorisadong pag-access sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket, personal na impormasyon, o Cricket Account. Hindi namin ginagarantiya na naaangkop ang Mga Serbisyo ng Cricket para gamitin sa mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang tiyak na paghahatid ng tumpak na data o seguridad o na maaaring magresulta sa personal na pinsala, pinsala sa ari-arian, o pinansyal na pagkalugi. Hindi rin naming ginagarantiya na magiging interoperable ang Mga Serbisyo ng

Cricket sa iyong hardware o software at na hindi nagreresulta sa pagkasira o pagkawala ng data ang hindi pagiging compatible nito.

1.7 Mga Limitasyon ng Pananagutan

Sumasang-ayon ka na:

- Ang Cricket ay hindi insurer ng Mga Serbisyo ng Cricket, at hindi rin nito matitiyak ang katumpakan ng iyong impormasyon o ang privacy o seguridad ng iyong Mga Cricket Account;
- Hindi kontrolado ng Cricket ang mga pagkilos at pag-uugali ng mga third party;
- Walang pananagutan ang Cricket sa mga pagkawalang mangyayari dahil sa paggamit mo o paggamit ng third-party ng iyong wireless na numero ng Cricket o iba pang Serbisyo ng Cricket bilang source ng pag-authenticate o pag-verify na kaugnay ng anumang account sa social media, email, pananalapi, cryptocurrency o iba pang account.

Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, hindi mananagot ang Cricket para sa anumang dahilan sa iyo, o sa sinumang user o benepisyaryo ng Mga Serbisyo ng Cricket, para sa anumang hindi direkta, nagkataon, espesyal, kinahinatnan, tatlong beses na mas malaki, pamparusa, o pambabalang danyos, kabilang ang, pero hindi limitado sa mga danyos para sa personal na pinsala; pinsala sa ari-arian; o pagkawala ng mga tubo, negosyo, magandang hangarin, paggamit, data, o iba pang tangible o hindi tangible na pagkalugi (kahit na nasabihan kami tungkol sa posibilidad ng mga pinsalang ito) na nagreresulta mula sa, halimbawa:

- paggamit ng Mga Serbisyo ng Cricket (na kinabibilangan ng kagamitan at software);
- pagsasagawa o hindi pagsasagawa ng Mga Serbisyo ng Cricket;
- mga pagkilos o hindi pagkilos ng Cricket o ng mga ahente nito kaugnay ng probisyon o paghahatid ng anumang Mga Serbisyo ng Cricket o na nauugnay sa iyong Cricket Account o sa aming kaugnayan sa iyo;
- anumang pagkilos ng third-party, gaya ng hindi awtorisadong pag-access sa iyong mga Cricket Account o Mga Serbisyo ng Cricket (kabilang ang paggamit ng iyong Mga Cricket Account o Mga Serbisyo ng Cricket para ma-access ang isang third-party account); o
- anumang sinasabing pagkilos o representasyon, pahayag, pangako, o pagsang-ayon ng Cricket na hindi hayagang nakasaad sa Kasunduang ito hinggil sa paggamit, pagganap, kaaangkupan, kaligtasan, pagkamaaasahan, seguridad, o anumang aspeto o katangian ng Mga Serbisyo ng Cricket.

Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, hindi mananagot ang Cricket sa iyo para sa anumang uri ng pinsala na nagreresulta sa anumang paraan mula sa:

- pag-install, pagmementina, pag-aalis, o teknikal na suporta ng Mga Serbisyo ng Cricket, **kahit na nagreresulta ang pinsala mula sa karaniwang pagpapabaya ng aming kinatawan;**
- anumang hindi awtorisadong pag-access sa iyong Mga Cricket Account o Serbisyo ng Cricket (kabilang ang paggamit ng iyong Mga Cricket Account o Serbisyo ng Cricket para ma-access ang isang third-party account), **kahit na ang hindi awtorisadong pag-access ay resulta ng karaniwang pagpapabaya ng isang empleyado, kinatawan, ahente, o sinumang tao o entidad ng Cricket na sinasabing kumikilos sa ngalan ng Cricket;**

- anumang kawalan ng kakayahang makontak ang 911 o iba pang pang-emergency na serbisyo, anumang sinasabing interference sa mga station para sa alarm o medikal na pagsubaybay;
- paggamit, kawalan ng kakayahang gumamit, o kawalan ng interoperability sa pagitan ng Mga Serbisyo ng Cricket at anumang third-party na hardware, software, o serbisyo;
- pagkawala ng iyong impormasyon, gaya ng mga hindi nakita o na-delete na voicemail, text message, email, larawan, o file; o
- anumang pagkaantala, pagkakamali, limitasyon, pagkabinbin sa anumang Serbisyo ng Cricket, o anumang problema na dulot, sa kabuuan o bahagi nito, mo o ng isang bagay na hindi namin kontrolado, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga kundisyon sa kapaligiran, kundisyon ng emergency, outage ng kuryente o network, pagkakamali sa paghahatid, sira sa kagamitan o mga pagkukumpuni, limitasyon sa kapasidad ng system, hindi pagiging available ng mga radio frequency channel, pagkilos ng pamahalaan, hindi pagkakasundo sa paggawa, kaguluhan, terorismo, o pagkilos ng mga third party.

Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, **ang aming kabuuang pananagutan sa iyo (sa ilalim ng anumang legal na teorya) ay isang credit o refund na hindi dapat lumampas sa kabuuang halaga ng mga singil na binayaran mo sa amin para sa naaangkop na Serbisyo ng Cricket sa loob ng (i) naunang 24 na buwang panahon o (ii) panahon kung kailan mo naranasan ang isyung naging dahilan ng mga paghahabol mo, alinman ang mas maikli sa dalawa.** Kung naghahabol ka para sa singil sa isang Serbisyo, batay sa Seksyon 1.10, kinakailangan mong abisuhan ang serbisyo sa customer o magsumite ng Abiso tungkol sa Hindi Pagkakasundo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagbabayad.

Sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, **dapat kang magsimula ng anumang legal na pagkilos, sa pamamagitan man ng pagsasampa ng demanda sa hukuman para sa maliliit na paghahabol o sa pamamagitan ng paghiling ng pag-aareglo, sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng kaganapan o pangyayaring nagresulta sa hindi pagkakasundo o kung hindi ay isusuko mo ang karapatan mong mapabayaran ang paghahabol na iyon** (ihinihinto ang panahon ng mga limitasyong nakasaad sa kontrata na ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng may bisang Abiso tungkol sa Hindi Pagkakasundo sa ilalim ng subsection 1.3 ng Kasunduang ito).

Ang bawat isa sa mga limitasyon sa pananagutan sa Kasunduang ito ay ilalapat sa mga paghahabol na ihaharap mo laban sa mga third party sa sukdulang kakailanganin naming magbayad-danyos sa third-party na iyon. Kung pinagbabawalan ng naaangkop na batas ang isang limitasyon sa Kasunduang ito, ilalapat ang lahat ng iba pang limitasyon sa sukdulang pinahihintulutan ng batas. Kabilang sa mga tinutukoy sa Seksyon 1.7 sa "Cricket" at "kami" ang aming mga parent, subsidiary, affiliate, at nauugnay na entidad sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, gayundin ang mga opisyal, ahente, empleyado, licensor, predecessor in interest, successor, at itinalaga ng Cricket at lahat ng entidad na iyon.

1.8 Pagbabayad-danyos

Sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na batas, sumasang-ayon kang palayain, hindi papanagutin, bayaran ng danyos, at ipagtanggol ang Cricket (kabilang ang aming mga parent, subsidiary, affiliate, at nauugnay na entidad, gayundin ang mga opisyal, ahente, empleyado, licensor, predecessor in interest, successor, at itinalaga ng Cricket at ng lahat ng entidad na iyon sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap) mula sa anuman at lahat ng paghahabol ng sinumang

tao o entidad para sa anumang uri ng pinsala, multa, parusa, o gastusin na magmumula sa o may kaugnayan sa, nang direkta o hindi direkta sa:

- pag-access, paggamit, o kawalan ng kakayahan sa pag-access o paggamit mo o ng iyong mga Awtorisadong User sa anumang Serbisyo ng Cricket;
- anumang paglabag mo o ng iyong mga Awtorisadong User sa Kasunduang ito;
- paglabag mo o ng iyong mga Awtorisadong User sa batas (kabilang ang pagpapabaya, sinadyang maling asal, at paglabag sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng kahit na sino); o
- anupamang paghahabol, paghiling, pagkilos, o pagrereklamo ng sinumang tao o entidad na naghahabol sa pamamagitan mo o ng iyong mga Awtorisadong User na magmumula o may kaugnayan, sa anumang paraan, sa Kasunduang ito o sa anumang Serbisyo ng Cricket.

1.9 Mga Singil at Pagbabayad

1.9.1 Mga Singil

Babayaran mo ang lahat ng Singil para sa Mga Serbisyon nakasaad sa Kasunduang ito, kasama na ang Mga Singil na ginawa ng sinumang pinapayagan mong magkaroon ng direkta o hindi direktang access sa iyong Device, kahit na hindi mo pinahintulutan ang paggamit nito. Kasama sa mga ito ang, ngunit hindi limitado sa, (a) mga buwanang singil sa access; (b) mga singil sa paggamit (kung kasama sa iyong plan ang nakametrong paggamit); (c) mga singil para sa mga feature at add-on; (d) mga buwis, bayarin, at iba pang assessment na ipinapataw ng pamahalaan, na kailangan naming kolektahin at ibigay sa pamahalaan (upang matukoy ang iyong pangunahing lugar ng paggamit (primary place of use o "PPU") at para sa kung aling hurisdiksyon maniningil ng mga buwis at assessment, kailangan mong ibigay sa amin ang iyong street address; kung hindi ka magbibigay ng address o kung nasa labas ito ng aming Lugar ng serbisyo, magtatakda kami ng PPU para sa iyo sa loob ng Lugar ng serbisyo at maaari naming wakasan ang iyong Serbisyo); (e) iba pang bayarin at singil kasama na ang pag-activate, muling pag-activate, paunang pagbabayad, convenience payment, pag-restock, pag-unlock ng Device, pagpapalit ng SIM, pagpapalit ng numero, mabilis na delivery, pag-upgrade, program, o iba pang bayarin, kasama na ang mga partikular na bayarin sa transaksyon, kaugnay ng Mga Serbisyo at Device na binili mula sa amin (para sa kasalukuyang listahan ng mga bayaring ito, pakitingnan ang aming page ng suporta para sa mga singil at bayarin sa cricketwireless.com/support/billing-and-payments/charges-and-fees.html); at (f) mga surcharge na kinokolekta at pinapanatili namin mula sa aming mga customer na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga bayarin sa Pederal o Pang-estadong Universal Service, singil sa pagkontrol, bayarin sa pangangasiwa, at mga buwis o bayarin sa pamahalaan na ipinapataw sa mga kabuuang resibo, benta, at/o ari-arian na ibinabayad namin sa pagbibigay ng Mga Serbisyo sa aming mga customer. Ang mga surcharge ay hindi mga buwis, at hindi kami inaatasan ng pamahalaan na kolektahin ang mga ito mula sa iyo. Kami ang nagtatakda ng rate ng mga singil na ito, at maaaring magbago ang mga halaga.

1.9.2 Pagsingil

Hindi ka magkakaroon ng access sa mga detalyadong tala ng paggamit para sa karamihan ng Mga Serbisyo, at hindi ka namin bibigyan ng mga buwanang bill. Maaari mong i-access ang iyong Account sa aming website, gamit ang iyong Device, o sa pamamagitan ng pagbisita sa branded na retail store ng Cricket. Susubukan ka naming padalhan ng mga buwanang paalala sa SMS hinggil sa status ng iyong account, ngunit hindi namin magagantiyang matatanggap

mo ang mga ito, o na matatanggap mo ang mga ito bago masuspende o makansela ang iyong Account.

1.9.3 Mga Pagbabayad at Balanse sa Account

Ang availability ng Mga Serbisyo ay nakadepende sa maaga mong pagbabayad ng lahat ng Singil sa takdang petsa ng mga ito. Kapag nagbayad ang isang customer ng mga good fund sa isang in-store na lokasyon ng isang awtorisadong retailer, makukumpleto ang transaksyon ng customer. Kung hindi ka makakapagbayad sa takdang petsa, masususpende at/o makakansela ang Mga Serbisyo. Sa pamamagitan ng pagbabayad, magkakaroon ka ng access sa Mga Serbisyo sa loob ng limitadong panahon, at dapat mong gamitin ang Mga Serbisyo sa loob ng nakatakdang yugto ng panahon; ang anumang nakalaang Mga Serbisyo na hindi nagamit sa isang nakatakdang yugto ng panahon ay hindi malilipat sa susunod na yugto (hal., hindi nagro-roll over ang Mga Serbisyo). Maaaring mag-iba ang mga singil para sa aming mga Serbisyo at ang tagal ng pagiging available ng Mga Serbisyo pagkatapos ma-activate. Kung made-deactivate ang iyong account dahil sa hindi pagbabayad, susupindihin ito nang 60 araw. Kung hindi ka makakapagbayad sa iyong account bago matapos ang 60 araw na pagkakasuspende, makakansela ito. Hindi mare-refund ang mga halagang ibinayad para sa Mga Singil sa Serbisyo, at hindi maililipat, mare-refund, o mapapalitan ng pera ang mga balanse sa Account. Kung masususpende o makakansela ang iyong Account sa anumang dahilan, hindi na maibabalik ang anumang natitirang balanse. Kapag nakansela ang iyong Account, ire-reassign namin ang numero ng teleponong nauugnay sa iyong Account, at hindi mo na magagamit ang numero ng telepono, identification number, o email address na nauugnay sa iyong Account. Maaari ka rin naming singilin para sa pag-reactivate ng Serbisyo depende sa kung kailan ka magpapa-reactivate.

1.9.4 Mga Pagbabayad sa Mga Awtorisadong Retailer Store

Maaari kang personal na magbayad sa Cricket para sa Mga Singil sa mga kalahok na awtorisadong lokasyon ng retailer. Upang makapagbayad sa isang awtorisadong lokasyon ng retailer, dapat ay mayroon ka ng impormasyong kinakailangan upang ma-verify namin ang iyong pagkakakilanlan gaya ng iniaatas ng aming mga patakaran. Ang mga pagbabayad sa mga awtorisadong lokasyon ng retailer ay maaaring gamitan ng pera o ng credit o debit card (basta't may kakayahan ang retailer na tumanggap ng mga pagbabayad mula sa mga card na gumagana sa network ng iyong credit o debit card).

Ang kakayahang magbayad sa mga awtorisadong lokasyon ng retailer ay isang serbisyong ibinibigay ng Cricket sa sarili nitong pagpapasya. Walang obligasyon ang Cricket na gawing available ang paraan ng pagbabayad na ito, at maaari nitong ihinto iyon - sa kabuuan o sa isang partikular na retailer - anumang oras nang hindi nagbibigay ng abiso sa iyo, at nang hindi inaamoyendahan ang Kasunduang ito. Kapag nagbayad ka ng Mga Singil sa isang awtorisadong lokasyon ng retailer, aatasan kang magbayad ng bayarin para sa tulong sa customer, na karagdagan sa halaga ng iyong Mga Singil. Itinatakda ng Cricket ang halaga ng bayaring ito sa sarili nitong pagpapasya. Maaari nitong pana-panahong baguhin ang halaga ng bayaring ito nang walang abiso, at maaari nitong gawing magkakaiba ang halaga ng singil na ito ayon sa lokasyon ng retailer. Maiiwasan mo ang pagbabayad sa singil sa serbisyong ito sa anumang oras sa pamamagitan ng pagbabayad online o sa pamamagitan ng Auto Pay. Tingnan ang www.cricketwireless.com/support/billing-and-payments/bill-pay-methods.

Ituturing ng Cricket na nakumpleto na ang transaksyon sa sandaling magbayad ka sa retailer. Karaniwang lalabas na kaagad sa iyong Cricket account ang ibinayad mo sa retailer pagkatapos mo mismong magbayad. Gayunpaman, sa ilang sitwasyon, maaaring magkaroon ng

pagkaantala sa pag-post ng pagbabayad sa iyong account.

Hindi magbibigay sa iyo ang retailer ng serbisyo sa pagbabayad ng bill o serbisyo sa pagpoproseso ng pagbabayad. Responsibilidad mong tiyakin na tumanggap ang isang Retailer ng mga pagbabayad para sa Mga Singil. Maaaring hindi magawa ng retailer na tumanggap ng mga pagbabayad sa lahat ng oras na bukas sila para sa negosyo, dahil sa mga teknikal na problema o problema sa tauhan. Hindi iiusog ang iyong takdang petsa ng pagbabayad para sa Mga Singil dahil sarado ang isang retailer - kahit na sarado ito sa mga karaniwan nito ng oras ng negosyo at kahit na hindi inanunsyo ang nasabing pagsasara - o hindi nito magawang tumanggap ng pagbabayad dahil sa ibang rason.

1.9.5 Auto pay:

Kung nag-enroll ka sa isang plano sa awtomatikong pagsingil sa credit card, awtomatikong pagbabayad, o electronic funds transfer, pinahihintulutan mo kami o ang aming ahente na singilin o i-hold ang account number sa credit o debit card o pinansyal na institusyon na ibinigay mo sa amin, nang hindi nanghihingi ng nilagdaang resibo. Pinatutunayan mo na ikaw ang mayari ng paraan ng pagbabayad, pinahihintulutan mo kaming i-store ang impormasyong ito, at pinahihintulutan mo kami na awtomatikong singilin ang halaga ng iyong (mga) buwanang Serbisyo bawat buwan sa petsang nakasaad sa iyong online na Account. Sumasang-ayon kang ibigay sa amin ang na-update na impormasyon ng account sa credit o debit card o bangko kapag kinakailangan sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong online na Account, pag-dial sa 611 sa Cricket Device mo, o pagtawag sa numero ng pangangalaga sa customer na available sa cricketwireless.com/contactus. Sumasang-ayon ka na kung lumalahok ang iyong bangkong nag-isyu ng card sa isang card updater program at maliban na lang kung nag-opt out ka sa serbisyong ito, maaaring ibigay ng iyong bangko sa amin ang mga na-update na numero ng card at mga petsa ng pag-expire, at ia-update namin ang aming mga file gamit ang impormasyong ito at patuloy naming sisingilin ang iyong card. Sumasang-ayon ka na hindi kami mananagot para sa anumang kulang na pondo o iba pang singil na maaari mong makuha bilang resulta ng anumang pagsubok na singilin o i-hold ang iyong credit o debit card o mag-transfer ng pera. Kapag nagbayad gamit ang credit o debit card, mapapailalim din ang pagbabayad sa mga tuntunin at kundisyong itinakda ng nag-isyu ng credit o debit card.

Maaari mong kanselahin ang iyong awtorisasyon para sa awtomatikong pagsingil sa credit card, awtomatikong pagbabayad, o electronic funds transfer pamamagitan ng pag-log in sa iyong online na Account, pag-dial sa 611 sa Cricket Device mo, o pagtawag sa numero ng pangangalaga sa customer na available sa cricketwireless.com/contactus. Kung gagawin mo iyon, maaaring mawala sa iyo ang ilang partikular na promosyon o diskwento.

1.10 Mga Tanong o Hindi Pagkakasundo Hinggil sa Mga Singil

Kung sa palagay mo ay may mali sa iyong pagbabayad o takdang petsa ng mga singil, mangyaring makipag-ugnayan sa serbisyo sa customer sa lalong madaling panahon. Kung hindi ka nasisiyahan sa paglutas ng serbisyo sa customer, maaari kang magpadala sa amin ng Abisotungkol sa Hindi Pagkakasundo na alinsunod sa subsection 1.3.

Kung mayroon kang hindi sinasang-ayunan sa pagbabayad, mayroon kang 180 araw mula sa takdang petsa ng pagbabayad upang abisuhan ang serbisyo sa customer o magsumite ng Abisotungkol sa Hindi Pagkakasundo. Kung hindi iyon magagawa, maisusuko ang iyong mga karapatang maghabol hinggil sa pagbabayad at lumahok sa anumang legal na pagkilos upang iharap ang hindi paghahabol na iyon. Hindi nalalapat ang panahong ito ng

mga limitasyon sa anumang estado kung saan ipinagbabawal ang probisyon sa abisong ito na nakasaad sa kontrata.

1.11 Privacy

1.11.1 Patakaran sa Privacy

Sineseryoso namin ang iyong privacy. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano namin kinokolekta, ginagamit, at pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon, kabilang ang impormasyon ng lokasyon mo, pakibasa ang Patakaran sa Privacy ng Cricket na matatagpuan sa cricketwireless.com/privacy.

1.11.2 Paggamit ng Mga Bata:

Hindi dapat pahintulutan ang mga batang wala pang 13 taong gulang na i-access ang Mga Serbisyo ng Cricket maliban na lang kung pinapayagan ng may-ari ng Account na kanilang legal na tagapangalaga. Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa isang bata na mag-access ng Serbisyo ng Cricket, binibigyan mo ang iyong anak ng access sa lahat ng feature (gaya ng email, mga text, at device application), sa internet, at sa iba't ibang third-party na content. May sariling responsibilidad ka na tukuyin kung naaangkop ang mga feature para sa isang menor de edad.

Walang pananagutan ang Cricket para sa anumang content na naa-access mo o ng mga menor de edad. Dagdag dito, hindi ginagarantiya ng Cricket ang katumpakan ng anumang kontrol sa access na available mula sa Cricket, at sumasang-ayon ka na hindi mo kami papanagutin para sa anumang uri ng pagkawala o pagkasira na matatamo bilang resulta ng paggamit ng anumang naturang kontrol sa access.

1.12 Sumasaklaw na Batas

Nasasaklawan ng batas ng estado ng iyong kasalukuyang billing address o kasalukuyang address ng rekord ang Kasunduang ito, maliban sa sukdulang nahahadlangan ng batas o hindi ito naaayon sa naaangkop na pederal na batas.

1.13 Mga Tuntunin sa Paglilisensya ng End User

Kung kokonekta ka sa Mga Serbisyo ng Cricket sa pamamagitan ng paggamit, pag-download, o pag-install ng application o iba pang Software na ginawa namin available, nang direkta man o hindi direkta sa pamamagitan ng mga vendor, napapailalim ang paggamit mo ng Software sa Kasunduang ito at sa anumang Kasunduan sa Lisensya ng End User (Agreement and any End User License Agreement, "EULA") para sa Software.

1.13.1 Kahulugan ng Software

Ang terminong "Software" ay nangangahulugan ng sumusunod: (a) anumang application na nauugnay sa Mga Serbisyo o sa Kasunduang ito, kabilang, nang walang limitasyon, sa anumang code, script, interface, graphic, display, text, dokumentasyon, at iba pang component ng software; (b) anumang update, pagbabago, o pagpapahusay dito; at (c) anumang partikular na web site ng Cricket o vendor kung saan ka idinidirekta ng Software sa pamamagitan ng anumang browser.

1.13.2 Pagbibigay ng Lisensya

Nananatili kaming (o para sa Software ng vendor, ang vendor) may-ari ng Software, na hindi ibinebenta sa iyo. Hangga't sumusunod ka sa mga tuntunin ng Kasunduang ito at sa anumang EULA na ibinibigay kasama ng Software, binibigyan ka ng Cricket ng nababawi, hindi eksklusibo, hindi naililipat, na limitadong karapatang i-install at gamitin ang Software sa isang computer o device na pagmamamay-ari at kinokontrol mo at i-access at gamitin ang Software sa naturang device. Wala kamang responsibilidad sa anumang materyal o content na ipapadala, iso-store, ide-delete, ire-record, o ipe-play mo gamit ang Software.

1.13.3 Mga Paghigpit sa Paggamit

Maaari mo lang gamitin ang Software nang mahigpit na sumusunod sa mga tuntunin ng Kasunduang ito, sa EULA, at sa mga tuntunin ng anupamang kasunduang nauugnay sa iyong device. Hindi mo maaaring gawin ang sumusunod: (a) mag-decompile, mag-reverse engineer, mag-disassemble, sumubok na kunin ang source code ng o i-decrypt ang Software; (b) gumawa ng anumang pagbabago, paghahango, pagpapahusay, pagpapaganda, pagsasalin, o bagay na nakabatay dito mula sa Software; (c) lumabag sa anumang naaangkop na batas, panuntunan, o regulasyon na kaugnay ng iyong pag-access o paggamit ng Software; (d) alisin, baguhin, o itago ang anumang abiso sa pagmamamay-ari (kabilang ang anumang abiso tungkol sa copyright o trademark) ng Cricket, ng mga supplier nito, o ng mga licenser ng Software; (e) pag-resale na bukod sa pag-resale ng reseller na awtorisado ng Cricket, paggamit sa Software para sa anumang gawaing may kita o komersyal na enterprise na bukod sa paggamit ng Software na ito para makalahok sa aming Mga Serbisyo; (f) gamitin ang Software para sa paggawa ng produkto, Serbisyo, o software na, direkta o hindi direktang nakikipagkumpetensya sa o sa anumang paraan ay pumapalit sa anumang Serbisyo, produkto, o software na iniaalok namin; (g) gamitin ang Software upang magpadala ng mga awtomatikong query sa anumang web site o para magpadala ng anumang hindi hinihinging komersyal na email; o (h) gamitin ang anumang impormasyon ng pagmamamay-ari o interface ng Cricket o iba pang intelektwal na pagmamamay-ari ng Cricket sa pagdisenyo, pag-develop, pagmanupaktura, paglilisensya, o pamamahagi ng anumang application, accessory, o device para gamitin sa Software.

1.13.4 Mga Limitasyon sa Pag-export

Wala sa Software o saligang impormasyon o teknolohiya ang maaaring i-download o kung hindi naman ay i-export o muling i-export: (a) papunt sa (o sa isang nasyonal o residente ng) anumang bansa kung saan nag-eembargo ng mga produkto ang United States; o (b) sa sinumang nasa listahan ng U.S. Treasury Department ng Specially Designated Nationals o sa Table of Deny Orders ng U.S. Commerce Department. Hindi maaaring i-export ang Software at anumang saligang teknolohiya papunta sa labas ng United States o sa sinumang dayuhang entidad o "dayuhang tao" gaya ng inilarawan sa mga regulasyon ng pamahalaan ng U.S., kabilang nang walang limitasyon ang, ang sinumang hindi mamamayan, nasyonal, o legal na permanenteng residente ng United States.

1.14 Mga Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian

1.14.1 Cricket IP

Sumasang-ayon ka na ang Software, Mga Serbisyo ng Cricket, at kagamitan ng Cricket ("Cricket IP") ay pinoprotektahan ng mga batas sa trademark, copyright, patent at intelektwal na ari-arian, at/o mga probisyon sa internasyonal na treaty. Sumasang-ayon ka rin na ang source at object code ng Cricket IP at ang format, mga directory, mga query, mga algorithm, istruktura, at organisasyon ng Cricket IP ay intelektwal na pag-aari at pinagmamamay-arian at kumpidensyal na impormasyon ng Cricket, mga supplier nito, at mga licenser nito. Maliban kung hayagang isinaad

sa Kasunduang ito, hindi ka binibigyan ng anumang karapatan sa intelektwal na ari-arian sa pamamagitan ng pagpapahiwatig, estoppel, o iba pang legal na teorya, at sa bisa nito, nakareserba sa amin at pinananatili namin ang lahat ng karapatan sa Cricket IP na hindi hayagang ibinibigay sa Kasunduang ito. Wala ka ring anumang karapatan sa intelektwal na ari-arian o iba pang pag-aari sa anumang impormasyong ibinibigay o ginagamit namin para maihatid ang Mga Serbisyo ng Cricket, gaya ng anumang Account o numero ng telepono o email address na itinalaga sa iyo.

1.14.2 Third-Party na Software

Maaaring gumamit o magsama ang Cricket IP ng third-party na software na napapailalim sa mga tuntunin sa open source at third-party na lisensya ("Third-Party na Software"). Kinukumpirma mo at sumasang-ayon ka na ang iyong karapatang gamitin ang naturang Third-Party na Software bilang bahagi ng Mga Serbisyo ay napapailalim sa at nasasaklawan ng mga tuntunin at kundisyon ng open source o third-party na lisensyang naaangkop sa naturang Third-Party na Software, kabilang nang walang limitasyon ang anumang naaangkop na pagsang-ayon, mga tuntunin sa lisensya, at mga disclaimer na nakapaloob doon ("Mga Abiso tungkol sa Third-Party na Software") at kabilang ang lahat ng na-post na pagbabago sa Mga Abiso tungkol sa Third-Party na Software. Kung sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng mga tuntunin ng Kasunduang ito at mga tuntunin ng mga lisensyang iyon, ang mga tuntunin ng mga lisensyang iyon ang susundin sa paggamit mo ng kaugnay na Third-Party na Software. Hindi kailanman ituturing ang Application o mga component doon na "open source" o "available sa publiko" na software. Sumasang-ayon ka na napapailalim ang iyong paggamit ng Cricket IP sa mga tuntunin ng lahat ng Abiso tungkol sa Third-Party na Software.

1.14.3 Mga Cricket Mark

Sumasang-ayon ka na ang mga pangalan ng Cricket at mga kaugnay na logo nito at ang lahat ng kaugnay na produkto at pangalan ng serbisyo, mark ng disenyo, at slogan ay mga trademark at service mark na pagmamay-aring at ginagamit sa ilalim ng lisensya mula sa Cricket (ang "Mga Cricket Mark"). Hindi ka pinahihintulutang gamitin ang Mga Cricket Mark sa anumang pag-advertise, publisidad, o anupamang komersyal na paraan nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Cricket, na maaaring hindi ibigay para sa anumang dahilan o nang walang dahilan.

1.14.4 Paglabag sa Copyright at Digital Millennium Copyright Act

Iginagalang ng Cricket ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari ng iba. Kung naniniwala ka na nakopya at na-post, na-store, o naipadala ang iyong gawa na kaugnay ng Mga Serbisyo ng Cricket sa paraang lumalabag sa copyright infringement, alinsunod sa Digital Millennium Copyright Act ("DMCA"), pakisabi sa amin ang tungkol dito sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyong nakalista sa cricketwireless.com/legal-info/cricket-wireless-copyright-trademark-claim.shtml sa aming Copyright Agent para sa abiso tungkol sa mga paghahabol dahil sa paglabag sa copyright sa copyright@cricketwireless.com. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kagawian sa proteksyon ng copyright ng Cricket sa ilalim ng DMCA at para sa impormasyon tungkol sa kung paano makakaugnayan ang aming ahente sa DMCA, sumangguni sa cricketwireless.com/legal-info/cricket-wireless-copyright-trademark-claim.shtml.

1.14.5 Programa ng Alerto sa Copyright

Pinapangasiwaan ng aming affiliate ang Programa ng Alerto sa Copyright ng AT&T (AT&T Copyright Alert Program, AT&T CAP) na nagbibigay-daan sa mga may-aring copyright na

abisuhan kami tungkol sa inireklamong paglabag na nagaganap sa aming mga serbisyo sa transitory digital network communications alinsunod sa 17 U.S.C. § 512(a). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa AT&T CAP, pakibisita ang copyright.att.net/home.

Sa ilalim ng AT&T CAP, magagawa ng mga may-ari ng content na magsumite sa amin ng mga notification kaugnay ng pinaghihinalaang paglabag sa copyright batay sa impormasyong mayroon sila na hiwalay na kinolekta alinsunod sa pamantayan ng industriya sa Sistema sa Naka-automate na Abiso sa Copyright. Kung magsusumite ang isang may-ari ng content o awtorisadong ahente nito ng abiso sa paglabag na tumutukoy sa isang IP address na magagawa naming i-trace, nang may makatwirang pagsisikap, sa isang partikular at natutukoy na subscriber ng AT&T sa petsa at oras na tinukoy sa abiso, magpapadala kami ng alerto sa copyright sa naka-file na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Account ng subscriber, na nagpapayo sa may-ari ng Account tungkol sa alegasyon at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa online na paglabag sa copyright.

Kung makatanggap ka ng alerto sa copyright, responsibilidad mong magsagawa ng agarang pagkilos upang masuri ang mga device mong nakakonekta sa internet at ang iyong lokal na network upang magtiyak na hindi ka na makakapag-generate ng mga karagdagang abiso sa paglabag sa copyright. Kung, pagkatapos mong makatanggap ng alerto sa copyright, ay makatanggap kami ng mga karagdagang abiso sa paglabag sa copyright na mate-trace sa isang IP address na nauugnay sa iyong Account, posibleng pansamantala naming i-redirect ang iyong serbisyo sa pag-access ng internet sa isang webpage kung saan aatasan kang sumuri at kumilala ng materyal tungkol sa kahalagahan ng copyright at ng legal na paggamit ng content na available sa internet. Kapag natapos mo na ang pagsusuring ito, ititigil na ang pag-redirect at ibabalik na sa normal ang iyong serbisyo. Pagkatapos ng yugtong ito, kung patuloy pa rin kaming makatanggap ng mga abiso sa paglabag sa copyright na nate-trace sa isang IP address na nauugnay sa iyong Account, posible kaming magsagawa ng mga karagdagang pagkilos alinsunod sa 17 U.S.C. § 512(i), na maaaring mauwi sa pagwawakas ng iyong Mga Serbisyo.

Poprotektahan ang impormasyon ng may-ari ng Account na nakapagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa kabuuan ng prosesong ito. Hindi kami magbibigay ng naturang impormasyon sa mga may-ari ng content maliban na lang kung iaatas ito ng isang utos ng hukuman. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Programa ng Alerto sa Copyright ng AT&T, pumunta sa: copyright.att.net/home.

Posibleng pana-panahong rebisahin ang aming mga patakaran, at, magagawa naging boluntaryong makilahok sa mga programa ng alerto sa copyright at graduated response kasama ng iba pang mga stakeholder sa sarili naming pagpapasya at kung katanggap-tanggap ang mga tuntuning kaugnay nito para sa amin. Sa pamamagitan ng paggamit sa Mga Serbisyo, sumasang-ayon kang mayroon kami ng karapatan, ngunit hindi ng obligasyon, na hamunin sa ngalan mo ang pagiging lehitimo ng anumang notification tungkol sa paglabag sa copyright na natatanggap namin, at sumasang-ayon kang bigyan kami ng naturang limitadong awtoridad na posibleng kailanganin para magawa namin ang naturang paghamon.

1.15 Mga Impormasyon, Content, Serbisyo, At Application na Ibinibigay ng Mga Third Party

HINDI KAMI ISANG PUBLISHER NG THIRD-PARTY NA IMPORMASYON, APPLICATION, SERBISYO, O IBA PANG CONTENT AT WALA KAMING RESPONSIBILIDAD PARA SA ANUMANG OPINYON, PAYO, PAHAYAG, IBA PANG IMPORMASYON, SERBISYO, O

PRODUKTONG IBINIBIGAY NG MGA THIRD PARTY. Hindi sinisiguro o inaako ng Cricket, mga provider ng serbisyo nito, at mga supplier nito ang iyong kapahamakan sa anumang paraan — kaugnay ng pagbibigay ng impormasyon, mga serbisyo, mga application, content, o mga produkto. Sumasang-ayon kang ang paggamit mo ng mga third-party na impormasyon, application, serbisyo, content, o produkto ay sarili mong pananagutan, at hindi namin responsibilidad o ni hindi namin ginagarantiya ang kaligtasan, kalidad, o kaangkupan ng mga ito at hindi kami nagbibigay ng serbisyo sa customer, mga pag-aayos, o iba pang suporta.

Posibleng magpataw ng mga dagdag na singil ang mga third-party na content o provider ng serbisyo. Ang anumang impormasyong ibibigay mo sa mga third party ay pinapangasiwaan ng kanilang mga patakaran o tuntunin.

Binibigyan ka ng ilang serbisyo ng kakayahan na i-access, tingnan, pakinggan, kaugnayin, i-record, at/o i-store ang third-party na audio at visual content ("Third-Party na Content"). Nauunawaan mong hindi namin ginagarantiya ang access sa o pagiging available ng anumang partikular na Third-Party na Content, o ang tagal ng pananatiling available ng anumang partikular na Third-Party na Content. Nauunawaan mo ring ang Third-Party na Content ay isang materyal na may copyright ng third-party na nagbibigay nito, pinoprotektahan ng mga batas sa copyright at iba pang naaangkop na batas, at hindi maaaring i-reproduce, i-publish, i-broadcast, i-rewrite, o muling ipamahagi nang walang nakasulat na pahintulot ng third-party na nagbigay nito, maliban na lang sa hangganang pinapahintulutan sa ilalim ng mga probisyon sa "patas na paggamit" ng mga batas sa copyright sa U.S. o mga katulad na probisyon ng mga banyagang batas. Sumasang-ayon kang wala kaming pananagutan sa iyo, o sa sinumang gumagamit sa iyong Account o sa iyong Mga Serbisyo, kaugnay ng anumang Third-Party na Content.

Nakalaan sa amin ang karapatan na paghigpitan o tanggihan ang pag-access sa anumang Third-Party na Content o iba pang third-party na impormasyon, application, serbisyo, o produkto sa sarili naming pagpapasya.

1.16 Pagtatalaga at Mga Third Party

1.16.1 Pagtatalaga

Maaari naming italaga ang Kasunduang ito o ang mga bahagi ng Kasunduang ito sa sinumang third party nang wala ang pahintulot mo at nang walang abiso sa iyo, ngunit hindi mo maaaring italaga ang Kasunduan o anumang karapatan o legal na paghahabol na magmumula rito nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot. Sa anumang pagtatalaga ng Cricket sa Kasunduang ito, ang lahat ng pagbanggit sa "Cricket" "kami," "namin," o "amin" sa Kasunduang ito ay tutukoy na sa assignee at hindi na sa Cricket o mga affiliate nito. Mula sa petsa ng pagtatalaga ng Cricket, hindi na kami ang magiging provider ng serbisyo mo at ang assignee na ang magiging responsable sa pagbibigay ng iyong mga serbisyo. Kinikilala mo at sumasang-ayon kang walang pananagutan o obligasyon ang Cricket sa iyo kung itatalaga ng Cricket ang Kasunduang ito, at ang iyong rekurso para sa anumang pananagutan o obligasyon ay magiging limitado lang sa assignee ng Kasunduang ito.

1.16.2 Mga third party

Maliban sa nakasaad sa Kasunduang ito, ang sinumang gumagamit o nakikinabang sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket ay hindi maituturing na third-party na benepisyaryo na makakapagpatupad ng Kasunduang ito laban sa iyo, sa amin, o sa sinupaman.

1.17 Tungkol sa Kasunduang ito

1.17.1 Ang Iyong Kakayahang Pumasok sa Kontrata

Sa pamamagitan ng pagsang-ayon, pagkilala, o paglagda sa anumang kasunduan o mga tuntunin at kundisyon o di kaya ay pag-activate, paggamit, o pagbabayad para sa anumang Serbisyo ng Cricket – na nangangailangan ng pagtanggap sa Kasunduang ito – kinukumpirma mong lampas ka na sa legal na kinakailangang edad at may kapasidad kang pumasok sa mga legal na kontrata. Dagdag pa rito, kung gumagamit ka ng Mga Serbisyo ng Cricket sa ngalan ng anumang entidad, gaya ng isang korporasyon o iba pang organisasyon, tinatanggap mo ang Kasunduang ito sa ngalan ng entidad na iyon. Kung pumasok ang entidad na iyon sa isang hiwalay na kasunduan sa negosyo sa amin, ang mga tuntunin ng negosyo na iyon ang mananaig.

1.17.2 Mga Pagbabago sa Kasunduan

Maaari kaming magdagdag, magbago, o mag-alis ng anumang tuntunin, kundisyon, rate, o bayarin para sa anumang Serbisyo ng Cricket anumang oras. Bibigyan ka namin ng abiso tungkol sa mga pagbabago na posibleng magkaroon ng malaking epekto sa iyo (hindi kasama rito ang mga pagbabago sa mga bayarin o surcharge na ipinapataw ng pamahalaan at ipinapasa sa iyo o mga pagbabago sa mga rate, bayarin, o surcharge na napapaloob sa mga limitasyong isinaad sa Kasunduang ito o sa anumang isinamang dokumento) sa pamamagitan ng email, mensahe sa online na Account, text o iba pang mensahe, post sa website para sa iyong Serbisyo ng Cricket, koreo, o iba pang paraan na matutukoy namin praktikal. Posibleng bigyan ka rin namin ng abiso tungkol sa mga hindi mahalagang pagbabago batay sa sarili namin pagpapasya. Ang iyong patuloy na paggamit o pagbabayad para sa Mga Serbisyo ng Cricket pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago ay nangangahulugang tinanggap mo ang pagbabago. Kung aabisuhan ka namin tungkol sa isang mahalagang pagbabago tungkol sa isang Serbisyo ng Cricket sa panahon ng iyong Serbisyo, at kung hindi mo tatanggapin ang pagbabago, kailangang kanselahin mo kaagad ang Serbisyo ng Cricket. Kapag patuloy mong ginamit ang Serbisyo ng Cricket, mangangahulugan itong tinatanggap mo ang anumang pagbabago.

1.17.3 Mga Nagsasalungatang Tuntunin

Pinapalitan ng Kasunduang ito ang anumang naunang kasunduan sa pagitan natin tungkol sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket. Kung sakali mang magkaroon ng salungatan sa pagitan ng Kasunduang ito at ng isang naaangkop na EULA, mananaig ang Kasunduang ito maliban na lang kung may ibang partikular na isinaad sa EULA. Ang orihinal na bersyon ng Kasunduang ito ay nasa wikang Ingles. Kung may salungatan sa pagitan nito at ng anumang naisaling bersyon, mananaig ang Ingles na bersyon.

1.17.4 Kakayahang Maihiwalay

Kung may anumang probisyon sa Kasunduang ito ang mapag-aalamang hindi na maaaring ipatupad, **ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ipinapatupad at may bisa.**

1.17.5 Pananatiling May Bisa

Bagama't maaari mo o namin wakasan ang Kasunduang ito, may ilang tuntunin na patuloy pa ring malalapat pagkatapos ng pagwawakas. Kasama sa mga tuntuning ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga probisyon kaugnay ng paglutas ng hindi pagkakasundo (subsection 1.3), disclaimer ng mga warranty (subsection 1.6), mga limitasyon sa pananagutan (subsection 1.7), pagbabayad-pinsala (subsection 1.8), at sumasaklaw na batas (subsection 1.12).

1.17.6 Buong Kasunduan

Ang Kasunduang ito ang nagtataguyog ng ating buong kasunduan at dinadaig nito ang anumang nauna o kasabay na kasunduan o pagkakaunawaan sa pagitan natin, pasulat man ito o pasalita. Ang integration clause na ito ay nangangahulugan na, sa sukdulang saklaw na pinapahintulutan

ng naaangkop na batas, hindi ka maaaring umasa sa mga materyal para sa marketing o pahayag o pangako ng aming mga empleyado o ahente para mabago ang mga tuntunin ng Kasunduang ito.

1.17.7 Mga Limitasyon sa Operasyon/Force Majeure

Ang kakayahan naming magbigay sa iyo ng Mga Serbisyo ng Cricket ay napapailalim sa pagiging available at sa mga limitasyon sa operasyon ng mga kagamitan at mga nauugnay na pasilidad, kabilang ang mga third-party na network na hindi kinokontrol ng Cricket. Nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na maaaring magkaroon ng mga pansamantalang pagkaabala o pagkaantala sa Mga Serbisyo ng Cricket, at hindi ito pananagutan ng Cricket. Dagdag pa rito, hindi namin responsibilidad ang mga pagkaabala o pagkaantala na dulot ng mga pangyayaring hindi namin kontrolado, gaya ng digmaan, mga kilos o banta ng terorismo, kawalan ng kaayusan, pag-aaklas o mga pagkaantala sa trabaho, mga sakuna (kabilang ang mga sunog, baha, lindol, at masamang lagay ng panahon), mga medikal na epidemya, pandemya o outbreak, pagkasira ng mga pasilidad ng network o imprastruktura ng transportasyon, o anupamang kaganapan na labas na sa makatwirang kontrol namin.

1.17.8 Hindi Pagsusuko ng Mga Karapatan

Posibleng mapagpasyahan naming hindi magpatupad ng mga karapatan o remedyo sa ilalim ng Kasunduang ito sa mga partikular na sitwasyon. Ang pagpapasyang iyon ay hindi nangangahulugan ng pagsusuko ng alinman sa aming mga karapatan o remedyo.

2.0

Mga Tuntunin sa Wireless na Serbisyo ng Cricket

Ang wireless na serbisyo ng Cricket ("Wireless na Serbisyo") ay inihahatid ng Cricket Wireless LLC, na kumikilos sa ngalan ng mga affiliate nito na lisensyado ng FCC o ng assignee o successor ng Cricket ("Cricket" o "namin" o "kami" sa Mga Tuntunin sa Wireless na Serbisyo ng ito). Para sa mga tanong tungkol sa iyong wireless na serbisyo, pakibisita ang cricketwireless.com/contactus.

2.1 Kasunduan sa Wireless na Serbisyo

Ang iyong Kasunduan sa Wireless na Serbisyo ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Ang mga tuntunin at kundisyon ng iyong Wireless na Serbisyo na makikita sa mga brochure na available sa mga retail stores at online sa cricketwireless.com/plans sa oras ng iyong pagbili;
- Mga karagdagang tuntunin at kundisyon na nalalapat sa iyong paggamit ng mga app, feature, at serbisyo ng Cricket, na available na naaangkop na app, sa iyong Device, at online sa cricketwireless.com; at
- Mga patakaran, kagawian, at pamamaraan ng Cricket ("Mga Patakaran") na available online sa cricketwireless.com.

Maaaring magbigay ng broadband access sa internet ang wireless na network ng Cricket. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano nakakatulong ang Cricket sa paghahatid ng impormasyon sa mga lugar sa internet at kung paano namin pinapamahalaan ang aming

network, pakitingnan ang www.cricketwireless.com/mobilebroadband. Ang impormasyong nakalagay sapage ng impormasyon ng broadband ay hindi bahagi ng iyong Kasunduan.

2.2 Paglalarawan ng Wireless na Serbisyo

Kasama sa iyong Wireless na Serbisyo ang:

- Mga serbisyong kasama sa iyong rate plan ("Service Plan"), na nagtatakda ng iyong allotment at singil para sa buwanang paggamit sa mga serbisyo sa tawag, pagmemensahe, at/o data; mga pay-per-use na rate; at sa iyong coverage area. Maliban na lang kung iba ang isinasaad sa mga tuntunin ng iyong rate plan, ang anumang hindi nagamit na allotment ng serbisyo sa tawag, pagmemensahe, at data mula sa isang billing cycle ay hindi maililipat sa ibang billing cycle.
- Anumang opsyonal na feature at serbisyong idaragdag mo sa alinmang linya sa iyong Account, na posibleng mapailalim sa mga karagdagang singil at mga tuntunin at kundisyon.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad sa iyong Service Plan, ang iyong Wireless na Serbisyo ay walang kasamang – at maaaring may malapat na karagdagang singil para sa paggamit nito – mga network ng ibang carrier sa U.S. o habang bumibiyahe sa ibang bansa.

Maliban na lang kung ipinagbabawal ng iyong mga tuntunin ngiyong partikular na plan o uri ng Device, maaari mong baguhin ang iyong Cricket Service Plan nang dalawang beses sa loob ng anumang buwanang panahon ng serbisyo, ngunit maaari naming ipagbawal o paghigpitan ang anumang pagbabago sa plan na sa paniniwala namin ay lumalabag sa Kasunduang ito o sa anumang naaangkop na Patakaran. Dagdag pa rito, may karapatan kaming baguhin ang Service Plan na mayroon ka kung hindi sinusupportahan ng napili mong Service Plan ang iyong Device. Ang ilang pagbabago sa Service Plan ay maaaring umayon sa pagbabayad ng ilang partikular na singil, at depende sa iyong plan, maaaring hindi mo na makuha ang natitira mong balanse sa Service Plan kung magpapalit ka ng Service Plan. Makakakita ng impormasyon sa aming Mga Service Plan sa www.cricketwireless.com.

Ang Wireless na Serbisyo ng Cricket ay maaaring magamit sa: (a) isang compatible na mobile device, gaya ng tinukoy ng Cricket, na may Cricket SIM na naka-assign sa iyong Account o (b) isang device na idinisenyo at binili upang eksklusibong magamit sa network ng Cricket (tinutukoy sa Mga Tuntunin sa Wireless na Serbisyo bilang "Device" o "Kagamitan").

2.2.1 Serbisyo sa Tawag

Kung may kasamang serbisyo sa tawag ang iyong Service Plan, magagawa mong tumawag at makatanggap ng tawag sa coverage area ng iyong Service Plan ("Serbisyo sa Tawag") nang napapailalim sa mga limitasyon sa Kasunduang ito. Posibleng may malapat na mga karagdagang singil o paghigpitan para sa Serbisyo sa Tawag na gagamitin sa labas ng coverage area ng iyong Service Plan. Ang mga Service Plan na may kasamang Serbisyo sa Tawag ay maaari lang ma-activate sa mga eligible at compatible na mobile phone, ayon sa tinukoy ng Cricket.

2.2.2 Serbisyo sa Pagmemensahe

Kung kasama sa iyong rate plan ang kakayahang magpadala at makatanggap ng Cricket text (SMS), mga larawan o video (MMS), at/o mga chat message sa Advanced Messaging (RCS) (nang sama-sama ay tatawaging "Mga Mensahe"), magagawa mong makatanggap at makapagpadala ng mga naturang mensahe ("Serbisyo sa Pagmemensahe") nang napapailalim sa mga limitasyon sa Kasunduang ito. Ang mga app na gumagamit ng iba pang protocol sa

pagmemensahe at mga over the top na third-party na app sa pagmemensahe ay maaaring magpataw ng mga singil sa data. Hindi ginagarantiya ng Cricket ang paghahatid ng Mga Mensahe. Ang mga mensahe, kabilang na ang na-download na content, na hindi maide-deliver sa loob ng 72 oras ay posibleng mabura at hindi na maging available. May karapatan ang Cricket na baguhin ang delivery period na ito nang walang abiso.

Hindi gagana ang Advanced Messaging kung naka-block ang pagmemensahe o data sa iyong linya. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Advanced Messaging, bisitahin ang <https://www.cricketwireless.com/support/apps-and-services/advanced-messaging.html>. Nalalapat ang mga maximum na limitasyon sa dami ng pinapadalhan sa group message depende sa mix at mga kakayahan ng device. Ang Serbisyo sa Pagmemensahe ng MMS at SMS at data plan ay maaaring kailanganing iprobisyon sa isang account para magamit ang Pagmemensahe. May ilang element ng Mga Mensahe na posibleng hindi naa-access, natitingnan, o naririnig dahil sa mga limitasyon sa ilang partikular na wireless na device. May karapatan ang Cricket na baguhin ang limitasyon sa laki ng Mensahe anumang oras nang walang abiso. Posibleng magpadala ng notification na mensahe sa text sa mga non-Picture/Video Messaging na subscriber kung magsu-subscribe sila sa Text Messaging. Posibleng makatanggap ka ng mga hindi hinihinging mensahe mula sa mga third party dahil sa pagbisita sa mga internet site.

2.2.3 Serbisyo sa Data :

Kung may kasamang data sa iyong Service Plan, nang napapailalim sa mga limitasyon sa Kasunduang ito, magagawa mong mag-browse sa internet at mag-access ng mga wireless na serbisyo, content, at app, kabilang iyong mga nagbibigay-daan sa pagpapadala at pagtanggap ng mga email, paggamit ng GPS navigation, pag-stream ng video, at iba pang mga bagay na maaaring magawa ng customer sa mobile sa pamamagitan ng internet ("Mga Serbisyo sa Data"). Ang mga serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng Serbisyo sa Data ay maaaring ihatid ng Cricket o ng mga affiliate, assignee, o successor nito, o ng mga third party nang napapailalim sa mga tuntunin at kundisyon na partikular sa serbisyo. Ang mga Service Plan na mayroon lang kasamang Serbisyo sa Data ay maaari lamang ma-activate sa mga eligible at compatible na tablet at mobile hotspot, ayon sa tinukoy ng Cricket.

2.2.4 Serbisyo sa Wi-Fi ng Cricket

Kung mayroon kang kwalipikadong rate plan at device na may kakayahang kumonekta sa Wi-Fi, maaari mong magamit ang Serbisyo sa Wi-Fi ng Cricket sa U.S. nang walang karagdang singil at posibleng mag-auto authenticate ang iyong device sa mga lokasyong may Serbisyo ng Wi-Fi. Kung mag-o-auto authenticate ka sa mga lokasyong mayroon ng aming Serbisyo sa Wi-Fi, posibleng mapailalim ang iyong paggamit sa Mga Tuntunin ng Wi-Fi at sa mga pagpipilian sa pag-filter ng URL ng may-ari o operator ng lokasyon. Maaari mong i-disable ang auto-authentication sa iyong device, hal., sa pamamagitan ng pag-off sa Wi-Fi. Posibleng mangolekta ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyo o sa iyong Device kapag gumamit ka ng Serbisyo sa Wi-Fi.

2.3 Saan ko maaaring gamitin ang aking Wireless na Serbisyo?

Para ma-activate at mapanatili ang iyong Wireless na Serbisyo, dapat ay mayroon kang mailing address sa U.S. at nakatira ka sa network coverage area na pagmamamay-ari at pinapatakbo ng Cricket, mga assignee nito o mga successor nito. Makikita ang aming mga coverage map sa cricketwireless.com/map. Mayroong mga gap sa mga coverage map, na ayon sa natural na katangian ng mga ito, ay mga pagtataya lamang ng aktwal na coverage. Pakitandaan na kahit sa iyong coverage area, maraming bagay ang maaaring makaapekto sa pagiging available at

kalidad ng iyong Wireless na Serbisyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kapasidad ng network, iyong Device, iyong Service Plan, terrain, mga gusali, mga puno, at lagay ng panahon. Ang Wireless na Serbisyo o mga partikular na wireless na teknolohiya (gaya ng 5G) ay hindi magiging available sa lahat ng lugar sa lahat ng oras.

Gumagamit kami ng iba't ibang teknolohiya sa network sa aming wireless network at hindi lahat ng Device ay gumagana sa lahat ng wireless na teknolohiya. Hindi namin ginagarantiya na makakatanggap ka ng partikular na network capability anumang oras, kabilang ang anumang partikular na bilis ng network. Ang mga aktwal na bilis ng network ay nakadepende sa mga katangian ng device, teknolohiya ng network, pagiging available, coverage, mga gawain, mga katangian ng file, mga application at iba pang salik.

Posibleng maabala, maantala, o kung hindi man ay malimitahan ang Wireless na Serbisyo para sa iba't ibang dahilan, kabilang ang mga kundisyong pangkalikasan, pagiging hindi available ng mga radio frequency channel, kapasidad ng system, pamamahala ng network, pakikipagkoordinasyon sa iba pang system, pagbabago at pagkumpuni sa mga kagamitan, at mga problema sa mga pasilidad ng mga interconnecting carrier.

2.4 Pag-activate ng Serbisyo at Tagal ng Serbisyo

Ang Mga Tuntunin sa Wireless na Serbisyo ng ito ay magsisimula sa araw kung kailan namin i-activate ang iyong Wireless na Serbisyo at magpapatuloy hanggang sa pagwawakas ng iyong Wireless na Serbisyo para sa anumang dahilan.

2.5 Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Mga Wireless na Serbisyo at Device

Ang aming wireless network ay isang nakabahaging resource na pinapamahalaan namin para sa kapakinabangan ng lahat ng aming mga customer. Upang matiyak na hindi makakaabala ang mga aktibidad ng ilang user sa kakayahan ng lahat ng aming mga customer sa pagkakaroon ng access sa mga maaasahang serbisyo ng ibinibigay sa mga makatwirang halaga, ipinagbabawal namin ang ilang partikular na aktibidad at paggamit ("Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Network"). Posibleng magsagawa kami ng anumang makatwirang pagkilos at lahat ng makatwirang pagkilos na kinakailangan upang maiwasan at mapigilan ang Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Network o anupamang paglabag sa [Patakaran sa Tinatanggap na Paggamit ng Cricket](#). Kabilang sa Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Network ang paggamit ng Wireless na Serbisyo ng Cricket na, batay sa sariling pagpapasya ng Cricket ay:

- nakakahadlang sa access ng ibang customer sa wireless na network;
- nakakakompromiso sa seguridad o kapasidad ng network;
- kinabibilangan ng mekanismong ginagamit sa pag-originate, pag-amplify, pag-enhance, pag-retransmit o pag-generate ng radio frequency signal nang wala ang aming pahintulot;
- negatibong nakakaapekto sa aming network o nakakakompromiso sa seguridad o kapasidad ng network;
- labis-labis at hindi balanseng nakakadagdag sa congestion ng network;
- negatibong nakakaapekto sa mga antas ng serbisyo ng network o mga lehitimong flow ng data;
- nakakasama sa performance ng network;
- nakakapinsala sa network o sa iba pang mga customer;
- nagte-tether ng isang wireless na Device sa iba pang device (gaya ng isang computer, smartphone, iba pang mga phone, eBook o eReader, media player, laptop, notebook, tablet, mobile hotspot, gaming console, smart TV o iba pang device na may mga

katulad na function) kung hindi ka pa nag-subscribe sa isang Service Plan na may feature sa pag-tether;

- gumagamit ng anumang Device para sa Wireless na Serbisyo na may hindi kwalipikadong Service Plan;
- kinasasangkutan ng pag-resell ng anumang Wireless na Serbisyo;
- kinasasangkutan ng paggamit na nakakaabala o hindi karaniwan ang pagkalabis kung ikukumpara sa iba pang mga customer sa iyong lugar na may mga katulad na plan; o
- labis-labis o hindi makatwiran.

Kapag bumili, nag-activate, o gumamit ka ng anumang Device sa aming Serbisyo, sumasang-ayon kang hindi mo gagamitin sa maling paraan o aabusuhin ang aming Mga Serbisyo o Device sa pamamagitan ng, halimbawa, alinman sa mga sumusunod:

- pagbili ng isang Device nang walang intensyong i-activate o gamitin ito sa aming network;
- pag-resell o pag-rebill ng Mga Device na binili mula sa Cricket o sa isang awtorisadong retailer;
- pagbabago sa mga specification ng iyong Device na mula mismo sa manufacturer nito;
- pagbabago sa Device o SIM card na ginagamit sa Device para makaiwas sa Kasunduang ito at/o sa Patakaran ng Cricket sa Pag-unlock ng Device;
- pag-activate at/o paggamit ng isang Device sa isang Service Plan o sa isang feature o produkto na hindi inilaan para sa paggamit nito (hal., pag-activate ng isang compatible na mobile phone sa isang phone plan at pagkatapos ay pag-swap ng SIM mula sa iyong compatible na mobile phone papunta sa isang hindi awtorisadong device); o
- paggamit ng anumang Device para sa mapanloko o ilegal na layunin.

Maliban sa anupamang pagkilos na maaaring gawin ng Cricket para sa mga paglabag sa Kasunduang ito, kung sa sarili naming pagpapasya ay makatwiran naming pinaniniwalaan na ginagamit mo ang Mga Wireless na Serbisyo o Device ng Cricket sa anumang paraan na ipinagbabawal ng Kasunduang ito o ng Patakaran sa Tinatanggap na Paggamit, na maaaring matukoy ng Cricket sa pamamagitan ng pagsusuri sa paggamit ng data ng iyong Account, sa Mga Device o mga device na ginagamit sa iyong account, o sa anupamang paraan na matutukoy naming naaangkop, posibleng gawin namin ang mga sumusunod na pagkilos nang walang paunang abiso at sa sarili naging pasya:

- pabagalin ang mga napoproseso mong Data;
- paghigpitan, antalahin, o wakasan ang anumang data session;
- suspindihin, kanselahin, o wakasan ang iyong Mga Serbisyo sa Data;
- wakasan ang iyong account;
- ilipat ka sa isang mas naaangkop na Service Plan na may mas mataas na data o high-speed na data access allowance; at/o
- tanggihan ang pag-renew ng iyong Wireless na Serbisyo.

Maaari kami mag-sagawa ng anumang pagkilos sa sarili naging pagpapasya upang maprotektahan at mapanatili ang integridad ng aming network, aming mga karapatan at ari-arian, aming Mga Serbisyo, o ang mga karapatan at interes ng iba. Kabilang sa mga pagkilos na ito ang, ngunit hindi limitado sa:

- pagbabago, nang walang paunang abiso, sa pinahihintulutan at ipinagbabawal na mga aktibidad sa data, at mga kinakailangan sa pag-optimize para sa iyong Mga Serbisyo sa Data;
- pagsasagawa ng anumang makatwirang kagawian sa pamamahala ng network upang

mapahusay ang serbisyo sa customer, mabawasan ang network congestion, makasabay sa mga pag-asenso at pagbabago sa teknolohiya, at/o makatugon sa pagiging available ng wireless bandwidth at spectrum;

- pabagalin ang iyong mga napoprosesong data anumang oras o saanmang lugar kung lalampas ang paggamit mo ng data sa naaangkop na threshold sa paggamit;
- paggamit ng mga makatwirang paraan para sa pagsubaybay at pagkolekta ng impormasyon sa paggamit ng customer para mas ma-optimize ang operation ng network;
- pagpapalit sa Service Plan na pinili mo papunta sa isang Service Plan na tinukoy ng Cricket bilang naaangkop para sa Device na ginagamit;
- pag-abala, pagsuspende, pagkansela, o pagwawakas sa iyong Mga Wireless na Serbisyo nang walang paunang abiso; at/o
- pag-block ng access sa ilang partikular na kategorya ng mga numero (hal., 976, 900, at mga internasyonal na destinasyon) sa sarili naming pagpapasya.

2.5.1 Mga Halimbawa ng Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Serbisyo sa Tawag sa Network:

Ang aming unlimited na Serbisyo sa Tawag ay pangunahing ibinibigay para sa live na usapan sa pagitan ng mga indibidwal. Kung ang iyong paggamit sa unlimited na Serbisyo sa Tawag para sa call forwarding, conference calling o mga layuning maliban sa live na usapan sa pagitan ng mga indibidwal ay lalampas sa 1,000 minuto kada buwan, posibleng wakasan ng Cricket ang iyong Serbisyo o ilipat ka sa isang Service Plan na walang unlimited na paggamit ng tawag. Ang aming unlimited na Serbisyo sa Tawag ay hindi maaaring gamitin para sa anumang komersyal na layunin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: (1) pagpapanatili ng bukas na linhya para makapagbigay ng mga serbisyo sa pag-dispatch o pagsubaybay; (2) pag-access o remote na call forwarding sa mga serbisyo sa linya ng chat para sa maraming tao; (3) pagpapadala ng mga broadcast o pre-recorded na materyal; o (4) telemarketing.

2.5.2 Mga Halimbawa ng Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Serbisyo sa Pagmemensahe sa Network:

Ang aming Mga Serbisyo sa Pagmemensahe ay ibinibigay lamang para sa komunikasyon sa pagitan ng, at/o sinimulan ng, mga indibidwal para sa personal na paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa Pagmemensahe para sa mga komersyal na layunin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: (1) pagpapadala ng hindi hinihingi, hindi awtorisado, spam, o iba pang hindi ninanais na mensahe (SMS, MMS, RCS man, o iba pa); (2) pagpapadala o pagtanggap ng malaking bilang ng mga mensahe o nga mensaheng hindi galing sa iyong Device; o (3) pag-resell o paglilipat ng mga kakayahan sa pagmemensahe. Tingnan ang Patakaran sa Tinatanggap na Paggamit (makikita sa www.cricketworkless.com/aup) para sa higit pang impormasyon. Posibleng wakasan o paghigpitan namin ang iyong Serbisyo sa Pagmemensahe para sa naka-tether na pagmemensahe, labis-labis na paggamit, o maling paggamit.

2.5.3 Mga Halimbawa ng Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Serbisyo sa Data sa Network:

Ang Serbisyo sa Data ay hindi maaaring gamitin sa anumang paraan na: nakakatalo, nakakahadlang, nakakalusot, o di kaya ay nagtatangkang talunin, hadlangan, o lusutan, ang mga panseguridad na hakbang ng wireless na network o system ng Cricket, o ang network o system ng ibang entidad; nag-a-access o nagtatangkang mag-access sa mga account ng ibang nang walang pahintulot; o negatibong nakakaapekto sa kakayahan ng ibang tao o system na magamit ang alinman sa Mga Wireless na Serbisyo ng Cricket o mga resource ng ibang party na nakabatay sa internet. Halimbawa, kabilang sa pagbabawal na ito ang, ngunit hindi limitado sa: mapaminsalang software o "malware" na idinisenyo, intensyonal man o hindi, para ma-infiltrate ang isang network o computer system gaya ng spyware, mga worm, Trojan horse, rootkit, at/o

crimeware; mga pag-atakeng tinatawag na "pagtanggap sa serbisyo" laban sa isang host ng network o indibidwal na user; at "spam" o hidni hinihinging komersyal o bultuhang email (o mga aktibidad na may epekto ng pangangasiwa ng hindi hinihinging komersyal o bultuhang email).

Hindi maaaring gamitin ang Serbisyo sa Data sa anumang paraan na magresulta sa labis na pagbagal ng network, paghadlang sa access ng ibang customer sa network, o pagbagal ng performance ng network. Halimbawa, kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa: mga server device o mga host computer application gaya ng mga tuluy-tuloy na camera post o broadcast sa Web, awtomatikong feed ng data, o naka-automate na koneksyong machine-to-machine; mga "auto-responder," mga "cancel-bot," o katulad na mga naka-automate o manual routine na nagdudulot ng sobra-sobrang trapiko o nakakagambala sa mga grupo ng user o sa paggamit ng email ng iba; paggamit ng Wireless na Serbisyo bilang pamalit o backup para sa mga pribadong linya o mga full-time o nakalaang koneksyon sa data; mga peer-to-peer (P2P) na serbisyo sa pagbabahagi ng file; at software o iba pang device na nagpapanatili ng mga tuluy-tuloy na aktibong koneksyon sa internet kahit na dapat ay idle ang isang koneksyon o anumang mga "keep alive" na function.

Hindi rin maaaring gamitin ang Serbisyo sa Data para sa mga application, serbisyo, at content na malakas gumamit ng bandwidth at hindi naka-optimize para sa Serbisyo sa Data, na nagresulta sa labis-labis na bagal ng network. Kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa pag-redirect ng mga signal ng telebisyon upang manood sa mga computing device; web broadcasting; at/o ang paggamit ng mga server, telemetry device, o device para sa pagkontrol at pagkuha ng data.

2.6 Unlimited na Serbisyo sa Data

Kung naka-subscribe ka sa isang unlimited data plan ng Cricket, sumasang-ayon kang ang salitang "unlimited" ay nanagnaghulugan na magbabayad ka isang buwanang flat rate para sa wireless na Serbisyo sa Data gaano man karaming data ang magamit mo. Sumasang-ayon ka ring ang salitang "unlimited" ay hindi nangangahulugan na ipapadala ang wireless data sa anumang partikular na bilis o na magagamit mo ang wireless na Serbisyo sa Data ng Cricket sa anumang paraang pipiliin mo o para sa anumang ipinagbabawal na Paggamit sa Network. Kung gagamitin mo ang iyong unlimited data plan sa anumang ipinagbabawal na paraan, maaaring limitahan, paghigpitan, suspindihin, o wakasan ng Cricket ang iyong Serbisyo sa data. Posible ring ilipat ka nam in sa naka-tier na data plan mula sa unlimited data plan at sisingilin ka nam in ng mga naaangkop na buwanang bayarin. Pauna ka nam ing papadalhan ng abiso tungkol sa pagbabagong ito sa loob ng hindi bababa sa 30 araw sa pamamagitan ng email, text message, o iba pang naaangkop na paraan.

Maaari ring pabagalin ng Cricket ang iyong napoprosesong data anumang oras batay sa mga tuntunin ng iyong data plan, kung saan maaaring kasama ang mga pagkakataong lumalampas ang iyong paggamit sa naaangkop at tinutukoy na threshold sa paggamit ng data sa panahon ng alinmang buwanang termino ng serbisyo. Kapag bumagal ang iyong napoprosesong data, maaari kang makaranas ng mga pagbagal sa bilis ng data at mas mataas na latency, na maaaring magdulot ng mas mabagal na pag-load ng mga website at makaapekto sa performance ng mga aktibidad na malakas gumamit ng data, tulad ng video streaming.

Nalalapat ang mga pagbagal ng napoprosesong data kapag ginagamit ang Mga Serbisyo sa Data sa mga pagkakataon at sa mga lugar na nakakaranas ng pagbagal ng network kumpara sa iba pang mga customer na gumagamit ng parehong cell site. Babalik ang mga karaniwang bilis kapag hindi na congested ang cell site o kapag lumipat sa hindi congested na cell site ang iyong data session, at hindi na mababawasan ang bilis sa mga panahon ng congestion ng network sa

simula ng panahon ng iyong susunod na buwanang serbisyo, maliban kung lalampas ulit ang iyong paggamit sa naaangkop at tinutukoy na threshold sa paggamit ng data para sa panahon ng susunod na buwanang serbisyo na iyon.

Walang mga pagbabawas ng bilis na nauugnay sa mobile network kung gagamit ka ng Wi-Fi, at hindi kasama ang paggamit ng data ng Wi-Fi sa threshold sa buwanang paggamit ng data para sa wireless na serbisyo sa Data. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa www.cricketwireless.com/mobilebroadband.

2.7 Mga Karapatan ng Cricket na Baguhin, Bawasan, Kanselahin, Suspindihin, Antalahin, o Wakasan ang Wireless na Serbisyo o ang Kasunduan

Ang Cricket ay maaaring magsagawa ng alinman sa at lahat ng pagkilos na kinakailangan upang maprotektahan ang wireless network ng Cricket, matiyak ang pagsunod sa Kasunduang ito at maiwasan at/o mapigilan ang Mga Ipinagbabawal na Paggamit sa Network. Maaari ring baguhin, bawasan, antalahin, suspindihin, limitahan, o kanselahin ng Cricket ang iyong Wireless na Serbisyo o wakasan ang iyong Kasunduan nang walang paunang abiso para sa anumang dahilan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na pagkilos na maaari mong gawin o ng sinumang user ng iyong Device o sa iyong Account:

- maling gawain gaya ng inilalarawan sa subsection 1.5;
- pagtira sa o mas paggamit sa Wireless na Serbisyo sa labas ng domestic na network coverage area na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Cricket at/o ng affiliate nito;
- paglampas sa aming mga allowance sa off-net na paggamit ng roaming; at
- paggawang o pagsubok na gumawang Mga Ipinagbabawal na Paggamit sa Network.

Kung mawawala ang iyong pagiging karapat-dapat para sa isang partikular na Wireless na Serbisyo, posible ng i-modify, alisin, o baguhin namin ang iyong Wireless na Serbisyo sa serbisyo kung saan ka kwalipikado. **Kung mapag-aalaman naming ginagamit mo ang iyong Device nang walang tamang rate plan, may karapatan kaming ilipat ka sa kinakailangang rate plan at singilin ka ng mga naaangkop na buwanang singil at bayarin.** Kung babaguhin namin ang iyong rate plan, maaari kang lumipat sa isa pang kwalipikadong rate plan. Posibleng magsagawa kami ng anumang makatwirang kagawian sa pamamahala ng network upang mapahusay ang serbisyo sa customer, mabawasan ang network congestion, makasabay sa mga pag-assenso at pagbabago sa teknolohiya, at/o makatugon sa limitadong availability ng wireless bandwidth at spectrum; Maaaring pabagalin namin ang iyong mga napoprocesong data anumang oras o saanmang lugar alinsunod sa iyong rate plan.

2.8 Paggamit ng Wireless na Serbisyo sa Iba pang Wireless na Carrier Network

May mga kasunduan ang Cricket sa iba pang wireless na carrier na nagbibigay-daan sa iyong gumamit ng Wireless na Serbisyo sa labas ng wireless network na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Cricket o ng mga affiliate nito. Sa loob ng U.S. at ilang partikular na teritoryo ng U.S., tinutukoy ang paggamit ng iba pang carrier network bilang domestic na off-net na paggamit. Tinatawag na internasyonal na roaming o internasyonal na off-net na paggamit ang paggamit ng iba pang carrier network habang bumibiyahe sa ibang bansa. Ang off-net na paggamit at internasyonal na roaming ay parehong nakadepende sa mga kasunduang mayroon kami para sa anumang panahon sa iba pang wireless carrier, at sa network technology, frequency, at functionality ng mga network na iyon. Ang pagiging available, kalidad ng coverage, at bilis ng Wireless na Serbisyo para sa off-net na paggamit at internasyonal na roaming ay hindi garantisado at maaaring baguhin nang walang abiso. Maaari ring bawasan ng Cricket ang mga bilis (sa 2G o iba

pang bilis) o maaari nitong suspindihin ang wireless na Serbisyo sa Data para sa off-net at internasyonal na roaming anumang oras nang walang abiso at ilanman ang data na nakonsumo mo sa panahon ng buwanang termino.

2.8.1 Mga Limitasyon sa Paggamit ng Iba pang Wireless na Carrier Network sa U.S.:

Kadalasan, hindi ka hiwalay na sinisingil para sa domestic na off-net na paggamit. Pakitingnan ang mga tuntunin ng iyong rate plan para makita kung may nalalapat na anumang dagdag na singil para sa domestic na roaming. Gayunpaman, kung nagbibigay ang iyong rate plan ng off-net na paggamit, dapat mo pa ring mas gamitin ang iyong Device sa loob ng wireless na network na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Cricket o ng affiliate nito. Samakatuwid, kung magbibigay kami sa iyo ng off-net na paggamit, maaaring naming suspindihin, limitahan, o kanselahin ang iyong tulo-y-tuloy na paggamit ng mga network ng iba pang carrier kung lalampas ka sa mga sumusunod na off-net na threshold:

- **Tawag:** Kung gagamit ka ng mahigit 750 minuto sa loob ng anumang buwan.
- **Data:** Kung gagamit ka ng mahigit 100 megabyte ng data sa loob ng anumang buwan.
- **Pagmensahe:** Kung gagamit ka ng mahigit 3,000 mensahe sa loob ng anumang buwan.

Bibigyan ka namin ng abiso kung gagawa kami ng pagkilos dahil lumampas ka sa alinman sa mga threshold na ito.

Para sa pinakanapapanahong impormasyon tungkol sa aming coverage, pakibisita ang www.cricke wireless.com/coverage. Pakitandaan na maaaring kumonekta ang iyong Device sa network ng ibang wireless carrier kahit na nasa loob ka ng network coverage area na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Cricket o ng affiliate nito.

2.8.2 Paggamit ng Wireless na Serbisyo habang Nasa Labas ng U.S.:

Posibleng kasama sa iyong rate plan ang kakayahang magpadala at tumanggap ng mga tawag at text message at gumamit ng data para sa internasyonal na roaming. Maaaring mag-iba ang coverage sa loob ng ibang bansa at teritoryo depende sa uri ng Device, plan, at/o package mo, at maaari namin itong baguhin anumang oras nang walang abiso. Para sa mga rate, coverage, bansa, at detalye, bumisita sa cricke wireless.com/international. Para sa karagdagang Mga Internasyonal na Tuntunin at Kundisyon, na kasama na rito sa pamamagitan ng reference, tingnan ang www.cricke wireless.com/legal-info/cricket-international.

2.9 Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi para sa Mga Customer ng Cricket Wireless

Mahalagang Impormasyon tungkol sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi para sa Mga Customer ng Serbisyo ng Cricket Wireless

Hindi compatible ang Mga TTY Device sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi: Binibigyang-daan ka ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi na tumawag at mag-text sa pamamagitan ng Wi-Fi kapag limitado o hindi available ang cellular coverage. Dapat itakda ang iyong Device sa Cricket HD Voice at mayroon dapat itong access sa internet. Madidiskonekta ang iyong tawag kapag nawalan ka ng koneksyon sa internet sa panahon ng voice call sa pamamagitan ng Wi-Fi, kabilang ang mga pagtawag sa 911. Sa U.S. o sa ibang bansa, maaari kang gumamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi upang tawagan ang mga numero sa U.S. nang walang

karagdagang singil (maliban sa mga pagtawag sa 411 at iba pang premium na numero). Nalalapat ang mga internasyonal na long distance rate/plan kapag tumatawag sa mga internasyonal na numero mula sa loob ng U.S. Nalalapat ang mga internasyonal na roaming rate kapag tumatawag sa mga internasyonal na numero habang bumibiyahe sa labas ng U.S. Pinaghihigpitan sa ilang partikular na bansa ang pagtawag sa pamamagitan ng Wi-Fi. Walang pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi sa 211, 311, 511, at 811. Tingnan ang www.cricketwireless.com/support/mobile-wifi/wifi-calling, para sa higit pang impormasyon.

Pagtawag sa 911 Gamit ang TTY at Real-time na Text: Dahil sa mga teknikal na limitasyon, hindi maaaring gamitin ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi gamit ang mga TTY device at hindi nito suportahan ang mga pagtawag sa 911 gamit ang TTY. Maaaring gamitin ng mga taong may mga kapansanan sa komunikasyon ang Real Time Text (<https://www.cricketwireless.com/support/accessibility/real-time-text-rtt.html>) bilang alternatibo sa TTY. Maaaring makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng 911 sa pamamagitan ng (1) pagtawag sa 911 gamit ang Real Time Text, (2) direktang pagtawag sa 911 gamit ang TTY device sa pamamagitan ng cellular network o mula sa isang landline na telepono, (3) direktang pagpapadala ng text message sa 911, (4) paggamit ng mga serbisyo sa relay para magsagawa ng TTY o mga captioned telephone service (CTS) na tawag mula sa wireless na telepono o mula sa landline na telepono, o (5) paggamit ng mga serbisyo sa relay para magsagawa ng IP Relay o IP CTS call sa pamamagitan ng cellular o IP network.

Pag-route ng Pagtawag sa 911: Sa mga pagtawag sa 911 gamit ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, susubukan munang mag-route sa naaangkop na emergency respond center gamit ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon mula sa iyong Device o, kung hindi iyon magtatagumpay, sa Address para sa Emergency (walang P.O. Box) na nakalagay sa iyong mga setting ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi. Upang i-setup ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, kakailanganin mong maglagay ng address sa US. Maaari mong baguhin ang iyong Address para sa Emergency anumang oras sa pamamagitan ng pagpili sa "I-update ang Address para sa Emergency" sa iyong menu ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi. Upang matiyak ang wastong pag-route ng mga pagtawag sa 911, i-update ang iyong Address para sa Emergency kung kinakailangan. Maaaring maantala o maging hindi available ang serbisyo ng 911 kung hindi available ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon o kung gumagamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi mula sa lokasyong naiiba sa Address para sa Emergency na inilagay mo.

Kinikilala mong natanggap at naunawaan mo ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa mga pagtawag sa 911 gamit ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi bilang customer ng Serbisyo ng Cricket Wireless, at sumasang-ayon ka rin na kung ida-dial mo ang 911 sa Device na gumagamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, maaaring ituring ng Cricket ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon na ipinapadala ng iyong Device bilang iyong pansamantalang updated na Address para sa Emergency sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi.

2.10 Ang Iyong Device

Kailangan ang voice plan sa lahat ng voice-capable na Device, maliban na lang kung iba ang isinasaad sa mga tuntuning nangangasiwa sa iyong rate plan. Kailangan ng isang eligible na rate plan para sa ilang partikular na uri ng Device, kabilang ang mga smartphone. Posibleng kailanganin ang isang tethering plan para ma-enable ang tethering sa isang compatible na Device, depende sa mga tuntunin ng iyong rate plan.

2.10.1 Mga Tuntuning Nalalapat sa Paggamit ng Iyong Device sa Wireless na Serbisyo

Posibleng pana-panahon naming baguhin ang naka-preload na software, app, o programming ng iyong Device sa remote na paraan, nang walang abiso (hal., para ma-update ang software ng Device o turuan ang iyong Device na gumamit ng mga serbisyo sa network na pinakanaaangkop para sa iyong karaniwang paggamit). Posible rin naming i-program o i-reconfigure ang iyong Device sa remote na paraan kapag na-activate na ito sa network ng Cricket at sa iba pang mga pagkakataon, gayundin ang pag-install ng mga karagdagang software at app.

Hindi ka maaaring (at hindi mo rin maaaring payagan ang sinuman na) magsagawa ng mga pagbabago sa (i) anumang Device na binili mula sa Cricket o sa isang awtorisadong retailer o (ii) programming o SIM card nito, para mabigyang-daan ang Device na gumana sa iba pang system, maliban kung nakakasunod ito sa Patakaran ng Cricket sa Pag-unlock ng Device na makikita sa www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.

2.10.2 Mga Limitasyon at Paghihigpit sa Device

Ang Cricket ay hindi gumagawa ng anumang Device na ibinebenta namin o maaaring gamitin kasama ng aming Mga Serbisyo, at wala kaming pananagutan para sa anumang depekto, aksyon, o kakulangan ng manufacturer ng Device. Ang mga tanging warranty sa isang Device ay ang mga limitadong warranty na ibinibigay ng manufacturer (KUNG SA AN WALA KAMING ANUMANG PANANAGUTAN). Ang anumang Device na gagamitin kasama ng aming Serbisyo ay dapat compatible at hindi nakakaantala sa aming Mga Serbisyo, at dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon. Kung gagamitin mo ang sarili mong Device kasama ng aming Serbisyo, dapat ay compatible ito at hindi nakakasira sa aming network. Kung gagamitin mo ang sarili mong Device, maaaring hindi maging available ang ilang partikular na feature at functionality ng network at Device, at/o maaaring hindi gumana nang maayos ang mga ito sa sarili mong Device. Maaari kang pumunta sa www.cricketwireless.com/cell-phones/bring-your-phone upang i-verify ang compatibility. May karapatan kaming pigilan kang gumamit ng anumang Device sa aming network o sa ilang partikular na Service Plan. Ang lahat ng performance ng Device ay maaaring mag-iba-iba batay sa mga specification ng iyong Device, kasama na ang mga kakayahan ng processor, software, memory, at storage, at maaaring makaapekto ang performance ng Device sa access sa lahat ng aming Serbisyo. Maaari naging pana-panahong i-program ang Mga Device sa aming network nang malayuan gamit ang software, mga setting ng system, application, feature, o programming, nang walang paunawa, bago i-activate, habang ina-activate, o pagkatapos i-activate ang serbisyo. Babaguhin ng mga ito ang Device na ginagamit mo, at maaaring maapektuhan o mabura ng mga ito ang data na na-store mo sa Device, ang paraan ng pagkaka-program mo sa Device, o ang paraan ng paggamit mo sa Device. Maaaring hindi ka makagamit ng Device hanggang sa makumpleto ang malayuang programming, kahit sa emergency. Ang mga device na binili mula sa Cricket o mula sa anumang awtorisadong lokasyon ng retail ay ibinebenta lang para sa paggamit sa aming Serbisyo, idinisenyo upang sa network lang ng Cricket magamit, at maaaring hindi gumana sa iba pang wireless network. Kapag bumili ka ng Device mula sa Cricket o sa isang awtorisadong lokasyon ng retail, sumasang-ayon kang i-activate at gamitin ito kasama ng aming Serbisyo. Sumasang-ayon ka rin na hindi ka gagawa, at hindi mo tutulungan ang iba na gumawa, ng anumang pagbabago sa anumang device na bibilhin mo mula sa Cricket o ng programming upang gumana ito sa kahit anong system o network, maliban na lang kung alinsunod sa aming Patakaran sa Pag-unlock ng Device na matatagpuan sa www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy. Nakalaan sa amin ang karapatang i-lock ulit ang anumang Device sa network ng Cricket kapag natukoy naming na-unlock ang Device nang labag sa aming Patakaran

sa Pag-unlock ng Device. Nauunawaan at kinikilala mo na ang Mga Device na bibilhin mo sa Cricket o sa isang awtorisadong retailer ay ibenebenta lang para sa paggamit sa aming network, at mapipinsala kami nang malubha kung gagamitin mo o kung tutulungan mo ang iba na gamitin ang aming Mga Device para sa ibang bagay. Sumasang-ayon ka ring huwag gumawa ng anumang aksyon upang lusutan ang mga limitasyon sa dami ng Mga Device na maaaring bilhin mula sa Cricket o sa mga awtorisadong retailer. Babayaran mo sa Cricket ang anumang pinsala na magreresulta mula sa mga aksyong ipinagbabawal sa seksyong ito.

2.10.3 Pag-unlock ng Device

Kung bumili ka ng Device mula sa Cricket o sa isang awtorisadong retailer, mayroon itong naka-program na SIM lock upang hindi ito magamit sa mga serbisyo ng iba pang compatible na wireless telephone carrier. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano i-unlock ang Device, pakitingnan ang aming Patakaran sa Pag-unlock ng Device sa www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.

2.10.4 Mga Pag-upgrade sa Device

Maaari mong i-upgrade ang iyong Device alinsunod sa Patakaran sa Pag-upgrade ng Device ng Cricket na matatagpuan sa www.cricketwireless.com/support/account-management/upgrade-your-device, na maaaring magbago nang walang abiso.

2.10.5 Impormasyon sa Iyong Device

Ang iyong Device at SIM card ay maaaring maglamang ng sensitibong personal na impormasyon (gaya ng pinansyal, pangangalagang pangkalusugan, mga social security number, mga credit card number, mga larawan, mga video) na maaaring nais mong protektahan at hindi ilahad sa iba. Walang pananagutan ang Cricket para sa anumang impormasyon sa iyong Device. Dapat mong alisin ang anumang sensitibong personal na impormasyon sa iyong Device bago mo isauli, ipapalit, i-recycle, o kung hindi man ay ipakontrol sa iba ang iyong Device. Maaaring manatili ang impormasyon sa iyong device kahit na alisin mo ang SIM card. Ang impormasyong maiiwan sa iyong Device ay maa-access ng ibang gagamit sa iyong Device.

2.10.6. Mga Nawala o Ninakaw na Device

Dapat kang makipag-ugnayan agad sa amin upang mag-ulat ng nawawala o ninakaw na Device. Babayaran mo ang lahat ng Singil na ipapataw sa numero ng iyong telepono hanggang sa iulat mo sa amin ang pagnanakaw o pagkawala. Pagkatapos mong iulat ang pagnanakaw o pagkawala, responsibilidad mo pa ring tuparin ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pagbabayad ng anumang buwanang bayarin sa Serbisyo. Sumasang-ayon ka rin na makipagtulungan sa imbestigasyon sa panloloko o pagnanakaw, at bigyan kami ng impormasyon at dokumentasyon (kasama na ang anumang patunay ng pagkawala at mga ulat ng pulisya) na maaari namin hilingin nang makatwiran.

2.11 Paggamit ng Cricket ng Impormasyon sa Lokasyon

Nangongolekta ang Cricket ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng iyong Device mula sa aming network at mula sa iyong Device. Sinusubaybayan, kinokolekta, at ginagamit namin ang impormasyon sa lokasyon na ito, kasama ang iba pang impormasyong nakukuhanamin mula sa

aming network at sa iyong Device, para makapagbigay ng Wireless na Serbisyo sa iyo. Ginagamit din namin ito para mapanatili at mapahusay ang aming network at ang kalidad ng iyong karanasan sa wireless.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano kami nangongolekta at gumagamit ng impormasyon, kabilang na ang lokasyon, sumangguni sa Patakaran sa Privacy ng Cricket sa cricketwireless.com/privacy.

2.12 ABISO TUNGKOL SA PAGPAPADALA NG WIRELESS NA MGA ALERTONG PANG-EMERGENCY (Serbisyo sa Komersyal na Alerto sa Mobile)

Pinili ng Cricket na mag-alok ng mga wireless na alertong pang-emergency nang walang karagdagan singil, kabilang ang pinahusay na geo-targeting (kapag pinili ng alert originator at sinuportahan ng handset), sa ilang bahagi ng service area nito sa mga Device na may kakayahan para sa wireless na alertong pang-emergency, gaya ng tinukoy sa Kasunduang ito.

Ang mga wireless na alertong pang-emergency, kabilang na ang pinahusay na geo-targeting (kapag pinili ng alert originator at sinuportahan ng handset), ay maaaring hindi maging available sa lahat ng Mga Device o sa buong service area, o kung ang isang subscriber ay nasa labas ng service area ng Cricket. Sa mga lugar kung saan ipinapadala ang mga alertong pang-emergency, posible pa ring hindi matanggap ang mga naturang alerto kahit na may kakayahan ang isang Device na matanggap ang mga ito. Para sa mga detalye tungkol sa pagiging available ng serbisyong ito at mga device na may kakayahan para sa mga wireless na alertong pang-emergency, kabilang na ang pagiging available at mga benepisyo ng pinahusay na geo-targeting (kapag pinili ng alert originator at sinuportahan ng handset), pumunta sa cricketwireless.com/support/apps-and-services/wireless-emergency-alerts.html. Ang abisong ito ay iniaatas ng FCC Rule 47 C.F.R. § 10.240 (Serbisyo sa Komersyal na Alerto sa Mobile).

Sa pagpapadala ng mga alertong pang-emergency alinsunod sa pederal na batas, hindi mananagot ang Cricket, kabilang ang mga opisyal, direktor, empleyado, vendor, assignee, successor, at ahente nito, sa sinumang subscriber sa, o user ng, Wireless na Serbisyo o Kagamitan ng Cricket para sa anumang aksyon o pag-aalis na nauugnay sa o anumang pinsalang magreresulta mula sa pagpapadala ng o nabigong pagpapadala ng isang alertong pang-emergency; o pag-release sa isang entidad o ahensya ng pamahalaan, kaligtasan ng publiko, serbisyo sa sunog, opisyal sa pagpapatupad ng batas, serbisyo sa medikal na emergency, o pasilidad para sa emergency ng impormasyon ng subscriber na ginagamit kaugnay ng paghahatid ng alertong pang-emergency.

2.13 Content sa Mobile

Nauunawaan mong maaaring magamit ang Mga Device upang i-access ang Internet, kung saan magkakaroon ka ng access sa text, mga larawan, video, mga laro, graphics, musika, email, mga application, tunog, at iba pang materyal na pangunahing mula sa mga third party na provider ng content na walang kaugnayan sa Cricket ("Data Content") at kung saan magkakaroon ka ng kakayahang magpadala, tumanggap, at magbahagi ng Data Content. Maaari ka ring bumili ng Data Content mula sa amin o mula sa mga third party gamit ang iyong Device. Ang Cricket ay hindi isang publisher ng Data Content ng third party at wala itong pananagutan para sa anumang opinyon, payo, pahayag, o iba pang impormasyon, serbisyo, o produktong ibinibigay ng mga third party. Ang Data Content ng third party ay maaaring maging nakakapanakit, malaswa, marahas, bastos, hindi naaangkop, mali at mapanlinlang, hindi

tum pak, hindi maaasahan, at hindi nababagay para sa mga bata at menor de edad - ikaw lang ang may pananagutan para sa anumang Data Content ng third party na ina-access sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo sa Data. Ang katumpakan, pagiging angkop, content, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon, pakinabang, seguridad, kaligtasan, kakayahang maibenta, kaangkupan para sa isang partikular na layunin, pagpapadala o tamang pagkakasunod-sunod ng anumang application, impormasyon, o na-download na data ay hindi ginagarantiya o binibigyan ng warranty ng Cricket o anumang provider ng content o iba pang third party. Hindi mananagot sa iyo ang Cricket o ang mga provider ng content, provider ng serbisyo, o iba pang third party nito para sa anumang pagkawala o pinsalang magmumula sa o idudulot ng, sa kabuuan o bahagya, paggamit mo ng anumang impormasyon, application o content, o anumang impormasyon, application, o iba pang content na nakuha sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo sa Data. Ang Data Content ng third party ay maaaring makapinsala sa iyong Device at sa software nito, at wala kaming pananagutan para sa anumang Data Content ng third party na ida-download, ii-install, o gagamitin mo sa aming Mga Serbisyo sa Data. Maaaring paghigpitan ang paggamit ng iba sa pamamagitan ng paggamit ng mga parental control o mga katulad na feature.

2.14 Mga Singil, Bayarin, at Pagbabayad

Responsibilidad mong bayaran ang lahat ng mga singil sa iyong Account. Bukod pa sa mga singil na inaawtorisahan sa Kasunduang ito (kabilang ang subsection 1.9), posibleng kasama sa iyong pagbabayad ang:

- buwanang gastos sa rate plan na pinili mo;
- mga opsyonal na serbisyo, gaya ng mga feature at mga add-on;
- iba pang mga singil at mga bayarin sa Cricket; at
- mga pana-panahong bayarin para sa espesyal na tulong sa Account.

Para sa impormasyon tungkol sa mga bayarin na maaaring singilin at sinasang-ayunan mong bayaran, pakibisita ang cricketwireless.com/support/billing-and-payments/charges-and-fees.html.

2.14.1 Pagkalkula ng Mga Singil

2.14.1.1 Serbisyo sa Tawag/Mga Pagtawag

Kung kasama sa iyong Service Plan ang sinusukat na paggamit ng tawag, ang iyong airtime ay sisingilin kada buong minuto, at ang aktwal na paggamit ay ira-round up sa susunod na buong minuto sa pagtatapos ng bawat tawag. Naniningil kami ng isang buong minuto ng paggamit ng airtime para sa bawat bahagi ng huling minuto ng nagamit na airtime. Magsisimula ang airtime para sa mga papalabas na tawag kapag pinindot mo ang SEND (o katulad na key) at para sa mga papasok na tawag kapag nakapagtatag ang tumatawag ng koneksyon sa signal ng aming mga pasilidad. Magwawakas ang airtime kapag pinindot mo ang END (o katulad na key), ngunit kailangang matanggap at makumpirma muna ng aming mga pasilidad ang signal ng pagdiskonekta. Ang lahat ng papalabas na tawag kung saan makakatanggap kami ng signal ng pagsagot o magkakaroon ng hindi bababa sa 30 segundo ng airtime, kasama na ang tagal ng pag-ring, ay papatawan ng hindi bababa sa isang minutong singil sa airtime. Ang signal ng pagsagot ay karaniwang natatanggap kapag sinagot ang isang tawag, ngunit maaari din itong magmula sa mga voicemail system, pribadong branch exchange, at interexchange switching equipment. Maaaring isama sa airtime ang oras na kinailangan namin upang matukoy na isang partido pa lang ang nagdiskonekta sa tawag, oras upang i-clear ang mga ginagamit na channel,

at tagal ng pag-ring. Maaari din magkaroon ng airtime dahil sa iba pang paggamit sa aming mga pasilidad, kasama na ang mga paglalagay at pagkuha ng voicemail, at paglilipat ng tawag. Ang mga tawag na magsisimula sa isang rate period at magtatapos sa ibang rate period ay maaaring singilin sa loob ng panahon kung kailan nagsimula ang tawag.

2.14.1.2 Serbisyo sa Pagmemensahe/Text, Larawan, Video, at Mga Rich Communication Message

Sa pangkalahatan, ang isang text message ay katumbas ng 160 character; gayunpaman, ang mga text message na may kasamang mga special character, tulad ng mga emoji o non-Latin alphabet character ay maaaring limitahan sa 70 character. Ang mga text message na lalampas sa limitasyon sa character ay sisingilin bilang maraming indibidwal na mensahe alinsunod sa iyong rate plan. Ang Serbisyo sa Pagmemensahe ay maaaring makapaghatid ng mga video at picture message (MMS) na hanggang 1MB ang laki, o hanggang 100MB sa RCS. May karapatan ang Cricket na palitan ang limitasyon sa laki ng mensahe anumang oras. Malalapad ang mga rate sa mensahe kahit na mabasa, hindi mabasa, hingin, o hindi hingin ang mensahe. Posibleng magkaroon ng singil sa paggamit ng data para sa mga mensaheng ipinapadala sa pamamagitan ng mga application.

2.14.1.3 Serbisyo sa Data

Sinusukat namin ang paggamit ng data ayon sa kilobyte, megabyte o gigabyte, kung saan ang 1024 kilobytes ay katumbas ng 1 megabyte, at ang 1024 megabytes ay katumbas ng 1gigabyte. Upang matukoy ang iyong paggamit ng data, nagkakalkula kami kada buong kilobyte, at nira-round up ang aktwal na paggamit sa susunod na buong kilobyte sa pagtatapos ng bawat data session.

Nagkakaroon ng paggamit ng data sa tuwing kokonekta ang iyong Device sa aming network at magiging bahagi ito ng anumang pagpapadala ng data, kabilang na iyong mga sinimulan mo, o iyong mga awtomatikong tumatakbo sa background nang hindi mo alam at maging matagumpay man o hindi ang pagpapadala ng data. May ilang application, content, program, at software sa iyong Device (kabilang na ang mga pag-download at pag-preload) na awtomatiko at regular na nagpapadala at tumatanggap ng data para gumana nang maayos, nang wala kang ginagawa at nang hindi mo nalalaman.

Ang allowance sa data ng iyong rate plan ay limitado lang sa paggamit sa United States, maliban na lang kung may kasamang serbisyo para sa iba pang lokasyon sa iyong rate plan o kung bahagi ng rate plan o package mo ang internasyonal na roaming.

2.15 Pagtatatwa ng Mga Warranty at Mga Limitasyon ng Pananagutan para sa Wireless na Serbisyo

2.15.1 Pagtatatwa ng Mga Warranty

Maliban na lang kung ipinagbabawal na batas, nalalapad ang mga sumusunod na limitasyon ng pananagutan bukod pa sa mga pagtatatwa sa Seksyon 1.6. Kami at ang aming mga predecessor in interest, successor, at mga itinalaga, gayundin ang aming mga nakaraan, kasalukuyan, at susunod na subsidiary, affiliate, kaugnay na entidad, at ang mga opisyal, ahente, empleyado, at tagapaglisensya ng mga entidad na iyon ay hindi gumagawa ng warranty, hayagan man o ipinapabatid, kaugnay ng pagkakaroon ng kakayahang maibenta o kaangkupan para sa isang partikular na layunin, kaangkupan, katumpakan, seguridad, o performance ng anumang Device, Wireless na Serbisyo, Software o mga application. Dahil sa mga likas na limitasyon sa mga wireless na komunikasyon, at dahil hindi namin kontrolado ang iyong pagpili o

paggamit ng mga wireless na Device, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas, hindi mananagot ang Cricket para sa anumang:

- pagkilos o pag-aalis ng third party na hindi namin kontrolado;
- pagkasira o pinsala na dulot ng impormasyon, application, o content ng third party (hal. mga app, laro, atbp.) na na-preload, naa-access, o ginagamit sa pamamagitan ng iyong Device;
- pagkasira o pinsala na dulot ng mga pagkaabala, pagpalya sa pagpapadala, o pagkaantala sa Wireless na Serbisyo ng ibinibigay namin o ibinibigay sa pamamagitan namin;
- pagkasira o pinsala na dulot ng iyong paggamit sa Wireless na Serbisyo ng ibinibigay namin habang nagmamaneho ka;
- paghahabol ng mga third party laban sa iyo;
- hindi awtorisadong pag-access sa iyong Device, Wireless na Serbisyo, o Cricket Account;
- pagkasira o pinsala na dulot ng pagsuspende o pagwawakas ng Cricket sa Wireless na Serbisyo; o
- pagkasira o pinsala na dulot ng pagpalya o pagkaantala sa pagkonekta ng tawag sa 911 o anupamang serbisyo ng pang-emergency.

2.15.2 Mga Limitasyon ng Pananagutan para sa Wireless na Serbisyo

Bukod pa sa mga limitasyon ng pananagutan na itinakda sa Seksyon 1.7, napapailalim din ang iyong Wireless na Serbisyo sa mga sumusunod na karagdagang limitasyon ng pananagutan.

Hindi lahat ng plan o Wireless na Serbisyo ay available para mabili o magamit sa lahat ng channel sa pagbebenta, sa lahat ng lugar o sa lahat ng Device. Hindi responsibilidad ng Cricket ang pagkawala o paghahayag ng anumang impormasyong ipinapadala o ibinibigay mo sa amin. Ang Mga Wireless na Serbisyo ng Cricket ay hindi katumbas ng wireline na internet. Hindi responsibilidad ng Cricket ang mga hindi pinagmamay-ariang serbisyo o ang mga epekto ng mga ito sa Mga Device.

Magagawa namin, ngunit wala kaming obligasyon, na tanggihan ang pagpapadala ng anumang impormasyon sa pamamagitan ng Mga Wireless na Serbisyo at maaari kaming mag-screen at magbura ng impormasyon bago ito ihatid sa iyo. Mayroong mga gap sa serbisyo sa mga lugar ng Mga Wireless na Serbisyo na ipinapakita sa mga coverage map, na, ayon sa katangian ng mga ito, ay mga pagtatantya lamang ng aktwal na coverage.

Gayunpaman, kung maaabala ang iyong Wireless na Serbisyo sa loob ng 24 na oras o higit pa nang tuloy-tuloy dahil sa isang bagay na kaya naming makontrol, bibigyan ka namin, kapag hiniling mo, ng credit sa Account na katumbas ng pro-rata adjustment ng buwanang bayarin sa Serbisyo para sa panahon kung kailan hindi naging available ang iyong Serbisyo, ngunit hindi ito lalampas sa halaga ng buwanang bayarin sa Serbisyo. Ang pananagutan namin sa iyo para sa mga pagpalya ng Serbisyo ay limitado lamang sa credit na itinakda sa itaas. Walang pananagutan ang Cricket sa iyo para sa mga pagbabago sa operasyon o teknolohiya na nagdudulot o nagiging dahilan ng pagiging obsolete o pangangailangan ng pagbabago ng iyong Device at/o software.

Kabilang sa mga tinutukoy sa Seksyon 2.15.2 na ito sa "Cricket" at "kami" ang aming mga parent, subsidiary, affiliate, at nauugnay na entidad sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, gayundin

ang mga opisyal, ahente, empleyado, licensor, predecessor in interest, successor, at hinirang ng Cricket at ng lahat ng entidad na iyon.

2.16 Mga Tuntunin na Nalalapat Lang sa Mga Partikular na Estado at sa Puerto Rico

2.16.1 California: Mga Hindi Awtorisadong Singil

Wala kang pananagutan para sa mga singil na hindi mo pinayagan, ngunit ang katotohanang ginamit ang iyong Device para sa pagtawag ay ebidensyang may awtorisasyon ang pagtawag. Maaaring kasama sa mga hindi awtorisadong singil ang mga pagtawag sa o mula sa iyong Device pagkatapos itong mawala o manakaw. Kapag naiulat mo na sa amin na nawala o ninakaw ang Device at nasuspende na ang iyong Device, hindi mo na kailangang bayaran ang mga kasunod na singil na magmumula sa Device na iyon. Maaari mong iulat ang iyong Device bilang nawawala o ninakaw at suspindihin ang Mga Serbisyo nang walang bayad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa 1-800-274-2538, sa pamamagitan ng pagtawag sa 611 mula sa iyong wireless Device, o online sa www.cricketwireless.com. Kung aabisuhan mo kami tungkol sa anumang singil sa iyong bill na sinasabi mong hindi awtorisado, sisiyasatin namin ito, at ipagbibigay-alam namin sa iyo ang resulta ng aming pagsisiyasat sa loob ng 30 araw. Kung hindi ka sang-ayon sa resulta, maaari kang magsampa ng reklamo sa California Public Utilities Commission, at maaaring may iba ka pang legal na karapatan.

2.16.2 Connecticut: Mga Tanong Tungkol sa Iyong Serbisyo

Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong Wireless na Serbisyo ng Cricket, pakitawagan ang Customer Care sa 1-800-274-2538 o i-dial ang 611 mula sa iyong wireless na telepono, o bumisita sa www.cricketwireless.com. Kung isa kang customer sa Connecticut at hindi namin malutas ang iyong problema, mayroon kang opsyong makipag-ugnayan sa Department of Public Utility Control (DPUC). Online: ct.gov/pura; Telepono: 1-866-381-2355; Koreo: Connecticut DPUC, 10 Franklin Square, New Britain, CT 06051.

2.16.3 Puerto Rico

Kung isa kang customer sa Puerto Rico at hindi namin maresolba ang iyong isyu, maaari mong aabisuhan ang Telecommunications Regulatory Board of Puerto Rico tungkol sa karaingan mo. Koreo: 500 Ave Roberto H. Todd, (Parada 18), San Juan, Puerto Rico 00907-3941; Telepono: 1-787-756-0804 o 1-866-578-5500; Online: jrtpr.gobierno.pr, bukod pa sa pagkakaroon ng pag-aareglo, gaya ng nakasaad sa Seksyon 1.3.

2.17 Mga Tuntuning Nalalapat sa Mga Subscriber na Nagbabayad sa pamamagitan ng Awtorisadong Third-Party

Ang iyong paggamit ng Wireless na Serbisyo ay napapailalim sa mga tuntuning nakatakda rito at sa anumang karagdagang tuntunin at kundisyong ipinapataw ng awtorisadong third party na nangongolekta ng iyong buwanang bayad sa serbisyo bilang bahagi ng subscription program. Patungkol sa anumang usapin sa pagbabayad o pagiging kwalipikado sa program, kung sakaling magkaroon ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga tuntunin at kundisyon sa Kasunduang ito at mga tuntunin at kundisyon sa kasunduan sa subscription program ng third party, ang mga tuntunin ng nasabing kasunduan sa third party ang mananaig. Dagdag pa rito, bilang isang subscriber na nagbabayad sa pamamagitan ng third party, maaaring limitahan ang iyong kakayahang subaybayan o baguhin ang mga detalye ng iyong account sa paggamit ng data sa cricketwireless.com o sa pamamagitan ng myCricket app.